# *Ang Di-Nagbabagong Diyos Na Kumikilos Sa Isang Di-Inaasahang Pamamaraan*

Only believe, only believe,
All things are possible, only believe.

2 Iyuko po muna natin ang ating mga ulo pansumandali sa pananalangin. Lubos po akong natutuwa na makasama kayo ngayong gabi. At ang pinaka unang bagay na ninanais nating gawin ngayon ay makipag-usap sa Kanya na ipinunta natin para katagpuin, ang Panginoong Jesus. Manalangin tayo.

3 Makalangit naming Ama, itinuturing po namin na sadyang dakilang pribilehiyo ang makaparito sa munting simbahan na ito ngayong gabi, sa paglilingkod sa Iyong minamahal na Anak, ang Panginoong Jesus, na aming Tagapagligtas. Amin Kang pinasasalamatan nang lubos sa biyaya na Kanyang ibinigay sa amin, na ibinubo ang Kanyang Dugo, nang sa gayon kami, na marurumi, ay malinis sa pamamagitan ng Kanyang dakilang Pagtutubos.

4 Ipinapanalangin po namin ang Iglesyang pangkalahatan, saanmang lugar ito, ang bawat miyembro, ang bawat pastor. Ipinapanalangin namin lalong-lalo na ang iglesyang ito at ang pastor dito, ngayong gabi, at ang munting kawan na nakatira sa dakong ito ng siyudad. Bilang mga miyembro ng Katawan ni Cristo, dalangin namin na Iyong pagpapalain sila, Panginoon. Iyo pong pagpalain ang mga diyakono, ang mga katiwala. At tunay na isa pong pribilehiyo talaga ang makapunta, ngayong gabi, na pagsaluhan ang pagbubuklod na ito nang sama-sama, Panginoon, na kamit-kamit namin sa damayang dako na ito sa pamamagitan ni Cristo.

5 Ngayon, Panginoon, dalangin po namin na Iyong iligtas ang bawat isang nagpunta rito na di pa ligtas, ngayong gabi. At pagalingin ang bawat tao na may karamdaman. At puspusin ng Espiritu Santo ang mga gutom at uhaw sa bagay na ito. Ikaw po'y lumukob sa Salita, ngayong gabi, Panginoon, at hugasan kami sa pamamagitan ng tubig ng Salita, habang kami'y naghihintay lamang nang may pagtutuon. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus, ay amin itong hinihiling. Amen.

Makakaupo na po.

6 Isang pagbati kay Kapatid na Searles, at sa kawan ng Panginoon na nakatira sa dulong bahagi rito ng siyudad. Ako

po'y natutuwa na makaparito ngayong gabi't, makisalo sa pagkakataong ito na makasama kayo, mga minamahal kong kaibigan. At nakikita ko na marami ang nakatayo. Umaasa tayo na di tayo masyadong magpapakahaba, munting Mensahe lamang mula sa Panginoon, at makapaglaan ng maraming oras para magkabuklod-buklod. At sa tingin ko'y nakatagpo ko na ang kapatid noon, sa kung saan. At alam kong namumukhaan ko siya, haya't ang pangalan ay pamilyar din sa akin.

7 At kaya tayo, haya't tayong lahat ay isang malaking hukbo ng mga sundalo ng Diyos, na nagmamartsa patungo sa huling katagumpayan sa dulo ng daan. At sa inyo na mga Cristiano na narito, na naglalakbay, sumainyo nawa ang kapayapaan ng Diyos.

8 At umaasa ako na pagpapalain ng Diyos ang munting iglesya na ito. At nawa'y lumago pa ito na maging malaki't, matibay na iglesya rito, na ang lahat ng mga miyembro'y mapuspos ng Espiritu Santo; at sadyang tumatalima mismo sa Espiritu, na ang kasalanan ay walang lugar para makapasok sa mga pintuan na hindi ba't sasawayin mismo ng Espiritu Santo. Yan ang uri ng iglesya na hinahanap natin, at sinisikap mismo na ating makamit. Naniniwala ako na posible ang mga bagay na 'yan.

9 At ngayon ay maaari, mismo, na kung ipapasakop natin ang ating mga sarili sa Diyos, at makikinig sa Kanyang Salita, at sasampalataya kay Jesus nang buong puso natin, ako nga'y naniniwala na may darating na ganyang Iglesya kung saan ang mga bagay na 'yan ay magaganap. Alam ko na may gutom sa—sa puso ng bawat ministro, na makarating ang iglesya sa punto na puspos na puspos ng Presensya ng Diyos, at—at ang lahat ay pumipisan sa Espiritu, hanggang sa wala nang kasalanan, isa mang miyembro'y walang makagagawa ng kasalanan. Na doon pa lang sa pagpasok, batid na nilang di kaaya-aya na pumasok dun sa presensya ng iglesyang 'yun, na may bitbit-bitbit na sala sa kanilang buhay. Sasawayin 'yun agad nung Espiritu Santo, dun mismo, at magsasabi, "*Ito* ito." Ngayon, ganoon nga dapat tayo, mga kaibigan. Ganoong uri ng iglesya. At talaga pong pinagsusumikapan natin 'yan, mga kapatid, di po ba? Pinagsusumikapan nating lahat 'yan, at tayo'y umaasa at nagtitiwala.

10 At ang dahilan ng pagparito ko sa Phoenix ay makasama ang Christian Business Men sa kombensyon. Napakabuti nila, si Kapatid na Williams dito, sa pagikot-ikot nila sa maiinam na mga kapatiran, sa iba't ibang organisasyon, at iba pa. At ang maliliit na mga kaiglesyahan sa buong dako rito, at kayo na mga kapatiran, ay talagang napakabuti po na dinala n'yo ako rito, para makipagbuklod sa inyo. Ikinatutuwa ko 'yan nang lubos, dahil gustung-gusto ko talaga itong pakikipagbukluran sa aking mga kapatid. Sa pagkakaalala ko sinabi ni Jesus, "Sa ganyan malalaman ng lahat ng mga tao na kayo'y Aking mga disipulo,"

alam n'yo, kapag—kapag ang Kanyang pag-ibig ay bumubuklod sa isa't isa.

11 May tatlong gabi kami. At kagabi nasa simbahan kami ni Kapatid na Outlaw, at nagtamasa ng mainam na panahon dun, at dun po sa Tempe. At pagkatapos dito sa may . . . Ako—ako'y umikot lang nang kaunti't, di ko na alam kung nasaan ako. Basta dito po, sa kung saan, sa may—sa may kanlurang Phoenix kung saan naroon kami, nung unang gabi. At bukas ng umaga, sa palagay ko, nang alas diyes, ay doon po ako kina Kapatid na Fuller.

12 At bukas ng gabi ay sa Faith Temple sa may Indian Road, sa palagay ko, o Indian School Road, o parang ganun. Medyo napaghahalo-halo ko na. Ano po 'yun? [May nagsasabi, "McDowell Road."—Pat.] McDowell? ["McDowell Road."] McDowell Road. Ang Faith Tabernacle na nasa McDowell Road. Oh, naku! Indian School Road. Medyo iba po yata 'yun? Calvary po ba . . . ? ["Fellowship Tabernacle."] Fellowship Tabernacle. Napaghahalo ko na. Narinig ko si Billy na sinabi sa akin, sa paglabas lang, ngayon, "Fellowship Tabernacle."

13 At, pero ngayon, kayo na mga nariyan sa inyong . . . dito sa iniatang sa inyong tungkulin, haya't bukas ng umaga't bukas ng gabi. Alalahanin n'yo. Kami'y naparito lang na bumibisita. Ayaw namin na lilipat-lipat kayo ng simbahan. Tayo nama'y magkikita-kita uli sa susunod na sanlinggo, kita n'yo, at makapagbubuklod-buklod sa isa't isa. Pero mangyari nga na ang iniatang sa inyong tungkulin ay sa inyong simbahan. Naniniwala ako na bawat Cristiano'y dapat na dun tumayo sa iniatang sa kanyang tungkulin sa panahon na 'yan.

14 Mangyari po na kausap ko ang isang kapatid na lalaki rito kanina, si Kapatid na Sharrit, isang kalugud-lugod na kaibigan nating lahat, na kilala nating lahat, si John Sharrit, sadya nga pong isang—isang litaw ang kaluguran sa gitna ng tao. At sabi niya, "Kapatid na Branham, madalas kong nababalitaan na nabanggit mo raw na magtutungo ka rito sa Kanluran, para dito manirahan."

15 Tapos sabi ko, "Oo, 'yung huli kasing buklod na tumatali sa akin sa silangan ay wala na ngayon: ang nanay ko. At siya'y yumao na sa tahanan para makapiling si Jesus, mga ilang araw lang ang nakararaan. At ang nanay ng maybahay ko'y yumao na rin."

16 Kaya totoo po, naghahanap-hanap kami ng lugar na aming malalagian. At—at kung kami'y mapadako sa palibot dito ng Tucson, Phoenix, na dito kami pangungunahan ng Diyos na pumunta, di ko nga nais na magpasimula rito ng isang iglesya. Hindi, po. Di ko po 'yun gagawin. Pero ako nga'y . . . Ako po'y isang misyunero. At kaya naman sa pagdako ko rito, ang asam

ko'y magtungo sa isang simbahan at sa iba pang simbahan, na makipagbuklod nang gaya nun. At magkaroon mismo ng. . .

17 Sa tingin ko napakarami n'yo ritong maiinam na simbahan. At tayo'y sadyang. . . Napakarami na nating mga simbahan. Ang dapat nga nating gawin ay talagang punuin ang mga ito ng mga dadalo, at sadyang punuin. Ganun nga. Yun ang kailangan nating gawin. Oo. Sadyang—sadyang 'yun lamang ang gagawin, dahil kung ang isang tao'y magpapasimula ng isang bagong simbahan, kung pasisimulan 'yun sa isang lugar na mayroon na, hayan nga't, kita n'yo, maghahatak 'yun ng ilan dito at ilan doon. At isang—isang bagay 'yun na di magandang gawin.

18 Kaya kung pangungunahan ako ng Panginoon, gusto kong ipaalam sa mga kapatiran na hindi 'yun dahil sa pagtatayo ng panibagong simbahan. Di ko 'yun maaatim na gawin, ano't anuman. Kita n'yo? Ang magiging dahilan lang ay magtungo rito para makasama sa pakikipagbuklod ang bawat isa sa inyo, bawat isa, at magtamasa ng mainam na panahon sa Panginoon.

19 Ngayon, tapos, huwag n'yong kalimutan ang Business Men, ang Full Gospel Business Men. Binubuo ito ng mga kalalakihan mula sa lahat ng mga kaiglesyahan n'yo. At ang pagbubuklod ay magsisimula sa susunod na Huwebes ng gabi, sa tingin ko. Tama ba, Kapatid na Williams? Dun, sa may Ramada sa east Van Burren Street. At ngayon, maraming magagaling na mga tagapagsalita ang pupunta sa pagtitipon. At ako—ako man ay gusto kong dumalo sa pagtitipon, ako man, para makapakinig sa mga kalalakihang ito. Si Kapatid na Velmer Gardner, isa po siya, sa magagaling na tagapagsalita, at marami pang ibang mga kapatid. May ilan pa pong mga negosyante na hindi ko pa napapakinggan noon, na ang sabi'y mga kahanga-hanga sila na mga tagapagsalita. At ikatutuwa ko na mapakinggan sila, o ang magkaroon ng oportunidad na mapakinggan sila. Kaya umaasa kami na makakatagpo namin kayong lahat dun.

20 At pagkatapos, loobin ng Panginoon, sa tingin ko, kung masunod ang plano, ako po ang sa agahan ng Sabado, haya't ako ang mangungusap sa agahan. At pagkatapos, sa tingin ko, pati ang susunod na Linggo ng hapon, sa pagtitipon sa hapon. At umaasa ako na makakatagpo ko kayo dun kung ganun, lahat kayo na mga kalugud-lugod na mga kapatid.

21 Ngayon, ayaw ko pong panatilihin kayo rito nang matagal, dahil kailangan n'yong makauwi nang maaga ngayong gabi. Dahil, dapat tapos na tayo ng alas dose o ala una, para kayo'y makabalik sa Sunday school kinaumagahan. Pero di naman natin paaabutin nang ganoon. Tayo. . . Ang interpreter po rito ang sabi, "Walang maidadahilan." Yung mga tao riyan, hayan nga't may nakita akong munting ngiti sa mukha nung lalaki. Hindi po. Bibilisan natin ito ngayon, siguro'y kaunti lamang na

pangungusap ng pagbubulay-bulay ukol sa Salita. At sa totoo lang ako'y mangangaral na may kahabaan magsalita, siyanga.

22 At mangyari nga na noong dumalo ako kasama ang mga kapatid kong Pentecostal, maraming taon na ang nakararaan, noong unang beses ko na magtungo, sa iglesyang Baptist, iniisip ko dati na talagang totoong mangangaral na ako, alam n'yo, kilik-kilik ang Biblia sa ilalim ng bisig ko. At isang araw ako po'y dumalo sa mga kapatid kong Pentecostal, at may isa po roong Rev. Mr. Daugherty, nagtungo ako para mapakinggan siya na mangaral. Grabe, nangaral siya nang husto hanggang sa mawalan siya ng hininga, mapapasapo sa kanyang mga tuhod, at para makahinto lang sandali. Maririnig n'yo nga siya kahit na dalawang bloke ang layo. Kaunting hinto lang, sige uli sa pangangaral. Maingat na ako noon sa kung ano dapat ang sasabihin ko, noon, na saloobin ko.

23 Ngayon kauumpisa ko lang, at medyo mabagal pa ako. At ako po kasi'y taga-Timog din, kung tutuusin, at sadya ngang mabagal magpasimula, at lagi pang huli. At kaya pagtiisan n'yo po ako nang kaunting minuto, at bibilisan ko po ito sa abot ng makakaya ko.

24 Pero nagtitiwala ako na ang Panginoon ay magkakaloob sa atin ng kaunting bagay rito sa kung saang dako sa Kanyang Salita, na ito'y tutulong sa ating lahat na mapalapit sa Kanya.

25 Ngayon, sa Malakias po, sa ika-3 kabanata, at sa unang bahagi ng ika-6 na talata, nais ko lang itong basahin.

*Sapagka't ako, ang PANGINOON, ay hindi nagbabago; . . .*

26 Nais ko lang pong kumuha ng isang munting paksa, kung kaluguran ng Panginoon, pamamagatan itong, "Ang di-nagbabagong Diyos ay kumikilos sa isang di-inaasahang pamamaraan." *Ang Di-Nagbabagong Diyos Na Kumikilos Sa Isang Di-Inaasahang Pamamaraan.*

27 Ngayon, nabubuhay tayo sa isang nagbabagong panahon. Ang lahat ng bagay ay nagbabago. Sadya ngang lahat ng mga bagay na abot-tanaw mo't nakikita ng iyong mga mata, na lumitaw mula sa lupa, at ito'y materyal, hayan nga't dumadaan mismo sa pagbabago.

28 Ilang araw lang po ang nakararaan, nung unang apak ko sa Phoenix, aking . . . Ang una ko kasing bisita sa Phoenix ay magtatatlumpu't limang taon na ang nakararaan, itong parating na Setyembre. At sa gitna ako ng disyerto mismo nakatira noon, sa may 16th at Henshaw. At nagpunta nga ako roon, at kanila na palang . . . wala na dun 'yung dating bahay. Ang naroon na'y isang gasolinahan, at nasa gitna na mismo ng siyudad. At pati 'yung kalye'y pinalitan na ng pangalan mula Henshaw ay naging—naging Buckeye Road na. Naku, di mo na mahahanap 'yung lugar, kung di mo ipagtatanong-tanong. At nangyari 'yan sa loob lang ng tatlumpu't limang taon. Ibang-iba na ang lahat.

29 Naalala ko nung nagtutungo pa kami dati sa kung nasaan noon 'yung malaking proyekto sa may Salt River Valley. . . ako at kasama ang isang kabataan haya't sakay kami sa kabayo noon, nagtataboy kami ng mga asno. Ngayon, liwasan na 'yun. Kaya lumawak na ang Phoenix na abot na mula sa bundok dito hanggang sa bundok doon. Sakop na ang buong probinsya, at naging. . . Malaki na talaga ang pagbabago. Maliligaw ka kung di mo alam ang mga pasikut-sikot. Nung unang beses ko rito noon, sa tantya ko ang populasyon ay nasa tatlumpu't lima o apatnapung libong tao lang. Ngayon kalahating milyon na. Kung papaano nga na ang lugar na ito'y nagbago, ipinapakita lang n'yan na talagang sumasabay sa pagbabago ng panahon. Nagbabago kasabay ng pagbabago ng panahon. Nagbabago ang Phoenix. Ang ibang lugar ay nagbabago rin.

30 Tapos alam din natin na ang mga kalsa-kalsada, napansin ko 'yan, na nagbago rin. Yung dating mga kalsada na dun kayo dati dumadaan, hindi na 'yun. Wala na 'yun doon. Iba na 'yung tinutugaygay na daan. Halimbawa tutugaygay kayo sa dating daan na tinutugaygay n'yo, haya't maliligaw ka, sa disyerto na sa kung saan ang bagsak n'yo. Mangyaring ang mga kalsada'y nagbago na. Nagbago na ang mga siyudad. At pulitika ma'y nagbabago. Nagbabago sa tuwina, taon-taon. Nagbabago ang pulitika. At ang mga bansa'y nagbabago. Ang mga bansa, taon-taon, ay nagbabago. Binababago nila ang pakikitungo nila. Binababago nila ang kanilang programa.

31 At napansin ko rin na maging tanawin ay nagbabago rin, kung paano ang mga lugar. Pinuputol nila ang mga puno. Kinakalbo ang kabundukan.

32 At sila sa may Florida, kung pupunta sila. . . Kung kayo'y pupunta roon at maglalagi sa baybayin, at, nung una marahil na pagpunta n'yo roon, wala pa noon, tubig lang sa baybayin. Kalaunan, may ginawa na silang isla roon sa kung saan, at may bagong malalaking bahay na nakatayo na roon. Gumagawa ng mga gawang-taong isla, maglalatag ng malaking panghigop ng tubig sa dagat at hihigupin ang tubig at isasaboy sa taas, at pagkatapos ipapantay 'yun gamit ang mga bulldozer at kung ano pa, at maglalagay ng siyudad sa ibabaw nun, na may mga kabahayan na nakatayo, gumagawa ng mga isla.

33 Pinasasabog ang ibabaw ng mga bundok sa dako rito, kung saan, ang itsura na'y, di na 'yun dadayuhin ng mga kuneho. At may—may mga kabahayan na sila roon, na ang halaga'y abot sa daang-libong dolyar. Nagbabago na ang mga tanawin.

34 At mapapansin natin, nagbabago rin ang mga tao. Dumating na sa punto na ang mga tao'y di na tulad dati na palakaibigan. Di ko alam kung napapansin n'yo 'yun dito o hindi, pero tunay nga na napapansin namin 'yun sa Katimugan at Silangan. Ang mga tao'y nagbabago, taon-taon. Ang mga tao'y apurado na. Sila'y

apurado masyado't gustong tapusin *ito*. At ang pagpapatakbo nila sa kalsada'y, nobenta milya kada oras, bumper-sa-bumper, at maglalagi sa isang bahay-inuman at iinom, nang dalawang oras, bago umuwi. Nagbago na, apurado na. Saan na kaya ang padpad nila?

35 Napansin n'yo, karamihan sa kababaihan ngayon ay may mga wash machine na, at electric na pamplantsa, at de pindot na mga dishwasher, at lahat na na gaya nun; at sa kabila nun ay nagkukulang sa oras ng pananalangin kumpara noong una.

36 Alam n'yo, labimpito ang anak ni Susanna Wesley. At siya, sa kabila ng may labimpitong anak, nag-iigib ng tubig mula sa isang bukal, at de kamay pa ang paglalaba. At sa kabila nun ay may dalawa o tatlong oras siya, kada araw, na manalangin kasama ang kanyang mga anak, kasama ang labimpitong mga maliliit na paslit na ito. At galing dun ay umusbong ang isang John at isang Charles.

37 Yan ang problema sa panahon ngayon, ang dahilan kung bakit bagsak ang mga kaeskuwelahan, ay walang ministro na dumadalaw, walang mga kabataang lalaki na interesado. Ang mas kailangan natin, mapanalangining mga tatay at nanay ang kailangang-kailangan natin, nang sa gayon mapuspos ang ating mga kaeskuwelahan. Mga puso ng kabataang lalaki na nag-aalab sa kasigasigan upang dalhin ang Ebanghelyo haya't 'yan ang kailangan natin. Pero nagbabago na ang mga bagay-bagay.

38 Maaari nga tayong tumugaygay pa, sa mga tao, pero pag-usapan natin ang iglesya. Ang kaiglesyahan nga'y nagbabago na rin. Makikita natin 'yan, na ang mga kaiglesyahan nati'y nagbabago na. Sa totoo lang tayo man, humigit-kumulang. Pangkalahatan po ang tinutukoy ko ngayon. Na, tayo'y mas, mistula nga, na mas interesado sa pagpaparami ng bilang kaysa sa maakay ang mga tao para maligtas. Mistula ngang ang gusto ng bawat isa'y ang magkamit ng pinaka malaking bilang, o pinaka malaking simbahan, o pinaka malaking gusali, o magtatag ng pinaka malaking denominasyon, o—o kung anong gaya n'yan, sa halip na ang isipin ay ang mga kaawa-awang naliligaw na kaluluwa. Ang saklap po, pero marami nga sa atin ay ganyan ang ginagawa.

39 Narinig ko ang kilalang ebanghelista, si Kapatid na Billy Graham, nung bumisita siya sa Louisville, Kentucky. Ako po'y naimbitahan dun, kasama si Dr. Mordecai Ham, na isang malapit kong kaibigan, na naging daan mismo ang pangangaral niya para maligtas si Billy. At naimbitahan po ako para maupo sa agahan na 'yun kasama sila. At si G. Graham, sa madiin niyang pagsasalita, sabi, "Nagpupunta ako sa isang siyudad, at magkakaroon ako. . .mamamalagi ako nang anim na sanlinggo sa dakong 'yun." Sabi, "Marahil may dalawampung libong tao ako roon na sila'y—sila'y tatanggap." Tapos sabi, "Kukunin ko

'yung lahat ng mga tiket nila, at kung ano pa, at ibibigay sa mga ministro." Tapos sabi, "Pagkatapos ng isang taon na ako'y babalik," sabi, "Maglilibot-libot ako. At sa siya ring dako na 'yun kung saan nagkaroon ako ng dalawampung libong mga akay, kung saan bumisita ako nung nakaraang taon, haya't sumunod na taon ay wala na akong naabutan maski dalawampu man lang." Sabi, "Anong nangyayari?" At siya . . .

40 Dito nga ako naiiba nang kaunti. Hindi para masabing iba kaysa sa kilalang ebanghelista na ito, kay G. Graham, hindi po. Pero 'yung paraan nga kung paano niya 'yun tinugunan, haya't sinabi niya, "Anong nangyayari?" Tapos itinuro niya ang daliri niya, sabi, "Marami kasing tamad na mga mangangaral," sabi niya, "Paupo-upo lang kayo na nakataas ang paa sa ibabaw ng mesa, umaga man at gabi, at di man lang inaasikaso ang mga card na 'yun at nagpa-follow up."

41 Sabi niya, "Nung narito sa isang lugar noon si Pablo, siya'y nagpunta sa isang bayan at nagkaroon ng isang akay; at nung bumalik nung kasunod na taon, may tatlumpu o apatnapu na siya sa pamamagitan ng isa na 'yun. Nagkaroon siya ng apo-apo-apo-apo-apo sa pamamagitan ng isang 'yun, kita n'yo." Tapos heto na ang sabi niya, "Ako'y may tatlumpung libo, at pagbalik ko; o dalawampung libo, pero pagbalik ko haya't wala man lang akong masilayan maski dalawampu."

42 Buweno, ang dahilan marahil ay dahil Pentecostal ako. At, pero gusto kong sabihin talaga ito na di ko maatim na itago lang sa sarili ko. Pero naisip ko, "May tamad na mangangaral ba na magpapatong ng kanyang mga paa sa bangko nung idulot ni Pablo na ang taong 'yun ay maligtas?" Kita n'yo? Yung akay na 'yun, mismo, ang napangunahan nang ganoon na lamang kalalim tungo sa Diyos na anupa't nanghawakan siya talaga.

43 At kung ang isang tao'y manghahawakan talaga sa Diyos, na ang Diyos ay pumasok mismo sa puso ng taong 'yun. Huwag n'yong alalahanin, sisiklab mismo ang liwanag sa bawat panig, dahil ang taong 'yun ay malalim mismo sa Diyos, at ang buong buhay niya'y naka-ugat at nakatanim na matibay kay Cristo, kita n'yo. Kaya naman, alam natin na hindi lang dahil sa mga tamad na mangangaral. Ang dahilan nga'y ang—ang naakay ay hindi nagpapakalalim nang husto na dapat ay maiwaglit niya ang pagtingin sa sanlibutan at mga bagay ng sanlibutan. Kung siya kasi'y magpapakalalim nang sapat sa Diyos, hindi gagawin ng taong 'yun ang ganoon.

44 Pero nasumpungan nga natin na ang mga kaiglesyahan ay nagbabago at ang mga tao'y nagbabago. Ang mga kalsada'y nagbabago. Ang mga tanawin ay nagbabago. Ang pulitika'y nagbabago.

45 Pero may isang bagay lang na di nagbabago, ang Diyos. Nananatili Siyang siya pa rin. "Ako ay Diyos, at di Ako

nagbabago." Kahit na gaanong katagal pa ang dumatal, ang Diyos ay di nagbabago maski kaunti, at hinding-hindi Siya maaaring magbago. Grabeng dako! Ang dahilan kung bakit di Siya maaaring magbago ay dahil ang Diyos ay walang hanggan, at anumang bagay na walang hanggan ay di maaaring magbago.

46 At marahil pag-aralan muna natin ito pansumandali bago tayo dumako sa Kasulatan. Ang walang hanggan ay walang hanggan, walang—walang pasimula o walang katapusan. Siya—Siya'y makapangyarihan sa lahat, pinaka makapangyarihan, nasa lahat ng dako, nakababatid ng lahat ng bagay; alam ang lahat ng mga bagay, lahat ng mga dako, lahat ng panahon, lahat ng pagka makapangyarihan. Siya ay Diyos, at hindi Siya maaaring magbago.

47 Ngayon, marahil may desisyon ako na pagpapasyahan, at sasabihin ko na magiging ganito ito. Haya't may hangganan ako. May pagkakataon na magbabago ako, dahil may bagay-bagay na lilitaw na lang, na ako, sasabihin ko, "Buweno, nagkamali pala ako."

48 Pero hindi nga maaaring gawin 'yan ng Diyos, dahil ang isang desisyon Niya'y magpakailanman na. Hinding-hindi Niya puwedeng baguhin ang pasya Niya. Hinding-hindi Niya kailan man babaguhin 'yun.

49 Kaya naman, kung ang pakikitungo ng Diyos sa isang makasalanan at nagnais ito na magsisi, sina Adan at Eba, at ang Diyos ay gumawa ng daan para sa kanila na makapagsisi, at pinatawad Niya ang makasalanan na 'yun; haya't pagdating ng isa pang makasalanan, marapat lamang na gagawin ng Diyos ang siya ring bagay sa makasalanan na 'yun, o kung hindi'y mali ang ginawa Niyang aksyon noon nung kumilos Siya sa unang makasalanan.

50 At kaya kung ang isang tao'y maysakit, at pinagaling ng Diyos ang isang tao na ito; at pagkatapos kung may isang tao na dudulog sa Diyos, gagawin at gagawin ng Diyos ang siya ring bagay, o kung hindi'y mali ang ginawa Niya noon nung pagalingin Niya 'yung nauna, kung ang tao na 'yun ay dumulog din sa ganoon ding paraan.

Grabeng dako ng kapahingahan mismo para sa kaluluwa na naghahanap ng makukublihan!

51 Ngayon, "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita'y sumasa Diyos." Ngayon, binubulay nga natin kung papaanong ang—ang mundo'y sumulpot dito. Kita n'yo, ang—ang Salita ng Diyos ang lumikha sa mundo. Sinasabi sa atin ng Mga Hebreo 11, na, "Ang mundo'y nilikha mula sa mga bagay na hindi nakikita." Kita n'yo? Sinalita ng Diyos ang mundo para umiral, dahil Siya'y Diyos. Sinabi lamang Niya, "Magkaroon," at 'yun ang nangyari. Kaya naman, kung . . .

52 Sa pasimula ay ang Salita, at ang binigkas na Salita ay Salita na lumilikha, at bawat Salita na binigkas ay di maaaring bawiin, na ituturing na pagkakamali. Kung ganoon, "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita'y sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagsalaman, at nanahan sa kalagitnaan natin," na si Cristo ang tinutukoy.

53 At ngayon ang Salita ng Diyos, na nasusulat sa Biblia, ay ang Kanyang Salita para sa atin. At bawat pangako ay may taglay na siya ring kapangyarihan ng paglikha sa likod nun, na ginawa ng Salita ng Diyos sa pasimula, kung atin nga Itong sinasampalatayanan na Salita ng Diyos. Nakadepende 'yun sa kung saan mahuhulog ang binhi. Kung Ito'y mahuhulog sa lupa, na ang isang—isang lupa'y may kakayahang magbunsod ng paglikha. Ang isang—isang halumigmig, o isang sustansya, sa palibot ng pangako ng Diyos, ay magpapabunga sa bawat pangako na ipinangako ng Biblia. Ito nga'y sa. . .Hayan nga't, ibubunsod ng tamang pakikitungo sa alinmang Makalangit na pangako ng Diyos na ito'y mangyari, kung kayo lamang ay tutuon dun nang paganoon, at pagkakaingatan ang Salita nang tama. Dahil binigkas na mismo ng Diyos na walang hanggang ito: ang Salita ng Diyos.

54 Sinabi ni Jesus, "Ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, datapuwat ang Aking Salita ay di kailan lilipas." Oh, grabe nga na dapat ay nakalagak tayo sa Makalangit na pangako na 'yan ng Anak ng Diyos, Na nagsabi, "Kapwa ang kalangitan at ang lupa ay lilipas, datapuwat ang Aking Salita ay di kailan lilipas." Yan ang dakong himlayan para sa kaluluwa.

55 Ngayon, sinabi ni Jesus, sa Salita. Sinabi ni Jesus, "Kung hihiling kayo sa Ama ng anumang bagay sa Aking Pangalan ay gagawin Ko." Pero kung minsan, nagpapamalas mismo ang Diyos ng isang bagay at gumagawa ng isang bagay na hiniling natin, pero sa kabila nun hindi natin. . .Dumarating kasi 'yun sa isang pamamaraan na di-inaasahan, at kung minsan pa nga'y sa isang dako na di-inaasahan, at sa isang pagkakataon na di-inaasahan. Pero ang Diyos ay tutugon at tutugon sa Sarili Niyang pamamaraan, kung sasampalatayanan mo lamang ito. Kita n'yo? Kita n'yo?

56 Kinakailangan mong sampalatayanan ito, tanggapin ito, at pagkatapos nga'y huwag mong babawiin. Panghawakan lang ito. Talagang panghawakan mismo, at sabihin, "Ito na po ito. Diyos na mismo ang nagsabi. Ito na ito. Kung Diyos na ang nagsabi, 'yun na 'yun, kahit na gaano pang katagal." Marahil walang kahit isang molekyula na dagling umiral nung sabihin Niya, "Magkaroon" para buuin ang daigdig. Pero, Siya, Siya nga'y Walang Hanggan. Pagdatal, lumitaw ang mga molekyula at mga atom. At sumulpot nga 'yun, dahil sinabi na Niya na ganoon ang mangyayari.

57 At heto ang isang pangako, rin, na maiisip natin. Kung Siya, ang Isa na 'yun na nagsabi nun, na ibinunsod ang bawat Salita na mangyari, kung ganoon ibubunsod din Niya ang isang iglesya na lilitaw sa harap Niya, na walang dungis o kulubot. At marapat lang na tayo, kapatid na lalaki, kapatid na babae, na dapat siguraduhin natin na tayo'y tapat sa Diyos, at hayan nga't dahil magkakaron ng isang Iglesya, at ninanais nating maging bahagi ng Iglesyang 'yun.

58 Kahit na ano pa rito sa lupa, tayo'y nakatuon para sa isang Bayan na 'yun na ang Nagtatag at ang Gumawa ay ang Diyos. At di natin maaatim na mapakawalan 'yan. Anuman ang gawin n'yo, huwag na huwag n'yong kaliligtaan 'yan. Kahit na ano pa ang gawin ng kapitbahay, ano man ang gawin ng ibang tao, ano man ang gawin ng kaeskuwela n'yo, o gawin ng asawa n'yong lalaki, o asawa n'yong babae, o sinuman. Isa itong—isa itong personal na pakikipag-ugnay mo at ng Diyos. Kinakailangan mo, kinakailangan mong hangarin ang pagkaligtas na 'yun.

59 Marahil ang inyong tatay ay isang ehemplong tao, o ang inyong nanay ay ehemplong tao, pero paano ka naman? Kita n'yo? Kita n'yo? Ikaw rin dapat. Kinakailangan na ikaw rin ay magkamit nun, sa sarili mo. Buweno.

60 Ngayon, nung sabihin ni Jesus, "Kung hihiling kayo sa Ama ng anumang bagay sa Aking Pangalan, gagawin Ko." Ngayon, kumbaga sa tuwid na balikat ay direktang sinabi Niya 'yan. "Gagawin Ko." At Siya nga'y . . . Ngayon, may kondisyon, "Kung sasampalataya ka sa paghingi mo."

61 Ngayon, sa Marcos 11:22, nasumpungan natin na sinabi ni Jesus, "Kung sasabihin n'yo sa bundok na ito, 'Mapataas ka't mapasugba sa dagat,' at huwag mag-aalinlangan, bagkus ay sasampalataya na ang sinabi n'yo ay mangyayari, makakamit mo ang sinabi mo." Kita n'yo?

62 Ngayon, ngayon, heto nga, hindi naman maaari na basta ka na lang pupunta rito at magsasabi, "Bundok, umusog ka." Kailangan may motibo at layunin ka roon, kita n'yo. At hayan nga, na kinakailangan mo munang masumpungan, unang-una, kung 'yun ba'y kalooban ng Diyos, at kung ganoon ang inyong motibo at layunin ay kalooban ng Diyos. At pagkatapos ito'y salitain, at tumayo roon. Yun nga'y uusog mismo, oo, kita n'yo, kung ang kondisyon ay tama. Pero kinakailangan nga na ang mga kondisyon ay tama.

63 Ngayon, dapat n'yo ngang alalahanin, din, na tumutugon ang Diyos, kung minsan sa di-inaasahang paraan. Siya'y hindi nagbabago, pero ginagawa Niya ang mga bagay-bagay sa di-inaasahang pamamaraan. Ngayon, sige't magbanggit lang tayo ng isa—isang halimbawa o dalawa, bago tayo magpatuloy.

64 Isipin natin si Moises. Gustung-gusto ko nga na pinag-aaralan si Moises. Siya'y isang magiting na lalaki mismo, at

ibinigay niya sa atin ang Lumang Tipan, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

65 At maraming beses na sinasabi ng mga mapagduda, “Ngayon, si Moises nga ang nagsulat Nito, at papaano naman natin malalaman na Ito’y tama?”

66 Buweno, puwede n’yong balikan ’yun at patunayan na tama ’yun. At kung Siya na nakapagsasabi kung ano ang nangyari, at, o kung ano ang mangyayari, at kung ano ang magaganap pagkatapos niya, at ’yun ay nangyari mismo, kung ganoon ay pinaniniwalaan ko na tama ’yun, siyanga rin, kita n’yo. Kita n’yo? Kagaya na lang ng kung—kung tatayo kayo rito sa. . .sa loob ng simbahan, at tutugaygayin mismo ng Espiritu Santo ang buong buhay n’yo sa nakaraan at sasabihin sa inyo kung ano ’yun, at alam mo kung katotohanan ba ’yun o hindi. Buweno, kung alam mo nga, at alam mong katotohanan ’yun mismo, kung ganoon ay makasasampalataya ka sa sasabihin Niya kung ano ang mangyayari, na ito nga’y darating, dahil *itong* isa rito’y patotoo mismo patungkol sa isa na *’yun*. Kita n’yo? At ’yun ang totoo.

67 At kaya nakikita natin, bilang mga saksi, ng Mga Hebreo 11 at marami pang dako sa Biblia, na ang mga bayani ng pananampalataya ay yaong mga nagsipanatili sa pangako ng Diyos. Sadyang nagsipanatili roon, kahit na anu-ano pa ang sabi-sabihin ng iba, at ipagkakaloob ’yan ng Diyos sa inyo sa sarili Niyang nararapat na panahon.

68 Ngayon, nagtungo si Moises sa Egipto, o naroon siya noon sa Egipto, ang ibig kong sabihin. Isinilang siya roon. Isa siyang naaangkop na bata, nakikita ’yun ng mga magulang niya, nakikita nila na ganoon siya. At di sila takot sa utos ng hari.

69 At paglaon nung, si Moises, ay tinuruan ng kanyang nanay! Isa ngang mabuting guro, ang sarili niyang nanay, at itinuro mismo sa kanya ang mga bagay na ’yun. “Moises, anak kita, pero ipinanganak ka para sa isang layunin. At gagamitin ka ng Diyos balang araw para palayain ang Israel.”

70 At pagkatapos na mamatay ng—ng kanyang kalugud-lugod na nanay, mangyari nga na ang kasunod nga’y naging dakilang tagapamuno si Moises, o sunod sa Faraon dun, tagapagmana ng trono. Pagkatapos isang araw nakaramdam siya ng malasakit sa kanyang mga kapatid.

71 At kahit may pakiramdam nga tayong ganoon para sa isang bagay, haya’t, kahit makaramdam tayo ng ganoon, marapat lamang na kumilos tayo ayon sa pamamaraan ng Diyos, upang gawin ang trabaho na ’yun nang tama mismo. Siyanga.

72 Ngayon, naniniwala ako na ang Diyos ay may awa sa lahat ng mga taong nagugutom at nagdurusa, at—at marami nga tayong uri ng—ng mga organisasyon na nagpapakain sa mga nagugutom at ganung mga bagay. Naniniwala ako na kahanga-hanga ’yang

ganyan. Pero ang tunay na tungkulin mismo ay ang Ebanghelyo. Yun ang tunay na tungkulin, ang Ebanghelyo, na dalhin ang Ebanghelyo.

73 Ngayon nasumpungan natin, na, matapos na mapagtanto niya na isa siyang kabiguan, sa sarili niyang mga pagsisikap. Dahil, isa siyang matalinong lalaki, isang lalaki ng militar. At siya nga. Nasumpungan niya ang kabiguan. Pagkatapos siya—siya nga'y tumakbo palayo sa kanyang tungkulin, nagtungo roon sa ilang at namalagi roon ng apatnapung taon. At nagkaroon siya ng asawa, at kung ano pa, at nagkaroon siya ng mga anak, o siya ng anak, pala, si Gershom.

74 Ngayon, ang kakatwang bagay, yamang may tawag ng Diyos sa kanyang buhay, nakikinita ko nga si Moises na hindi niya 'yun matatakasan; hinding-hindi.

75 At marahil may mga tao rito sa gabing ito na nakikinig mismo sa atin, na sa tugaygay ng buhay n'yo, may punto riyan, na nakaramdam kayo ng isang pagtawag sa inyong buhay, at ang kaso'y hindi n'yo lang pinakinggan. Kayo nga'y magiging miserable sa haba ng buong buhay n'yo, hanggang sa tumalima kayo sa buhay na 'yun.

76 Hindi nga maikakaila na may mga tao rito sa gabing ito na hinahanap ang Espiritu Santo nang maraming taon. At marahil sasabihin n'yo, "Buweno, di ko—di ko lang alam. Dapat kong matanggap Ito. Aking. . . " Buweno, di nga kayo, di kayo makukuntento hanggang sa matanggap n'yo, kita n'yo, dahil isinilang ka para dun. At ngayon kinakailangan mo na gawin 'yun na unang-una sa buhay n'yo. Kayo man ay kakain na, o iinom na, o matutulog na, o anuman ang gawin n'yo, kinakailangan n'yong sumpungan Iyon. Siyanga. Iyon dapat ang unang bagay. Iyon nga. Manatili ka mismo sa pangako ng Diyos. Kanyang ipinangako Iyon sa inyo, kaya marapat na manatili kayo roon, kita n'yo, at ibubunsod ng Diyos na 'yun ay mangyari.

77 Ngayon, at marahil ay gawin Niya 'yan sa di-inaasahang pagkakataon. Sasabihin n'yo, "Buweno, Kapatid na Branham, tuluy-tuloy akong nagtratrabaho nang buong araw, at medyo pagod ako. At di nga maganda ang pakiramdam ko nang tatlo o apat na araw." Marahil 'yun na nga ang panahon. Kita n'yo? Hindi n'yo lang alam kung kailan 'yun mangyayari.

78 Maraming beses nga na puwede akong huminto na lang, at ilang araw na isalaysay ang karanasan, nang pagpunta ko sa mga kakahuyan, para sumpungan ang Panginoon, na ang—ang mga tinik-tinik ay nagagalusan ako, at naiistorbo ako ng mga ibon, at pinapapak ako ng mga lamok. Doon nga na ang Diyos ay naghahanda ng isang bagay na gagawin, doon mismo. Sa—sa panahon nga na ang isang bagay ay di-inaasahang lubha, doon nga nagpapangyari ang Diyos, nagpapabunsod.

79 Ngayon tingnan n'yo si Moises. Si Moises, itong bihasa't matandang tagapagpastol ng tupa, siya'y walumpung taong gulang na. Apatnapung taong gulang siya bago siya tumindig para sa Diyos. At pagkatapos nga'y nagpastol siya ng mga tupa roon, at sa palagay ko'y apatnapung taon siya sa ilang. At tumatanda na siya, marahil puti na ang balbas, at mahaba't paalon-alon na namumuti nang buhok. At hayun nga siya, wala sa simbahan; naroon siya sa paanan ng Bundok ng Horeb. At ang Diyos ay di bumaba roon sa pamamagitan ng isang sermon, bagkus sa isang nagniningas na kahoy; kita n'yo, sa panahon na di-inaasahan, sa lugar na di-inaasahan, at sa pamamaraan na di-inaasahan.

80 Aba't, ang akala niya noon ay kakatagpuin siya ng Diyos dun noon nung may hawak siyang pamalo sa kanyang kamay, o tabak, o anuman 'yun na hawak niya nung patayin niya 'yung taga-Egipto.

81 Pero kinatagpo siya ng Diyos na anupa't hindi pa nga sa simbahan; sa paanan ng bundok. Hindi siya kinatagpo ng Diyos sa pamamagitan ng mga himno, bagkus sa nagniningas na kahoy. At hindi rin nung bata-bata pa siya, bagkus nung siya'y matanda na. Tinawag siya ng Diyos nung matapos niyang mag-walumpung taong gulang.

82 Isipin n'yo 'yun. Mangyari nga na kung minsan iniisip natin, na trenta y singko o kuwarenta anyos na tayo, ano man kayo! Wala nga 'yan sa edad n'yong matanda. May kaluluwa kayo na mabubuhay nang magpakailanman. Kaya alalahanin n'yo, ganoon 'yun sa tuwina: isang Diyos, ang di-nagbabagong Diyos, sa isang panahon na di-inaasahan, at pamamaraan na di-inaasahan, sa isang lugar na di-inaasahan.

83 Kunin nating halimbawa si Jacob. Tumatakas si Jacob. Siya nga'y nalagay sa alanganin sa pagitan ng dalawang di-pagkakasundo. Ngayon pauwi na siya. At si Laban, na biyenan niyang lalaki, ay paparating sa direksyon na *ito*, habol-habol siya, dahil 'yung asawa niya'y ninakaw ang mga diyus-diyusan nila. At nabalitaan niya na si Esau nama'y papasalubong sa direksyon namang *ito*, siya rin ang punterya; ang kuya niya, na nilinlang niya noon. Ngayon, isa nga 'yung di-inaasahang panahon para dalawin siya ng Diyos. Pero siya nga'y . . . Heto na si Laban na paparating sa direksyong *ito*. At heto si Laban na paparating na nanggagaling sa direksyong *ito*, at si Esau naman sa direksyong *ito*. Pero si Jacob nga'y tumawid sa isang batis, at pagkatapos nagsimulang magsumikap nang seryoso. At marahil sa pinaka unang pagkakataon sa buhay niya, siya'y humawak sa isang bagay na totoo talaga, at nagawa niyang humawak nang husto hanggang sa dumating ang pagpapala.

84 Yan nga'y isang dakilang aral sa ating lahat. Sa mismong pagkakataon na nakapanghawakan kayo sa isang bagay na

totoo talaga, manghawakan kayong mainam. Huwag n'yo 'yung hayaang makaalis. Kahit na makailang ulit na lumipas ang araw, o anuman ang mangyari, gaano mang karaming beses na ang hapdi ng gutom ay dumating, anuman, manghawakan kayo nang mainam dito hanggang sa pagpalain kayo nito, hanggang sa kamtan n'yo ang pangako nito. Manghawakan.

85 Ibinunsod niya na ang asawa niya, at lahat, na maihiwalay mula sa kanya, at maibukod ang sarili niya, at nanghawakan dahil nagigipit siya sa pagitan ng dalawang di-pagkakasundo. At kinatagpo siya ng Diyos sa isang di-inaasahang paraan, sa isang di-inaasahang panahon, sa isang di-inaasahang lugar. Doon siya kinatagpo ng Diyos.

86 Si Isaias na propeta, isang kabataang lalaki, maginhawa ang katayuan niya sa bisig ng hari, at mabuti siyang tao. At ang bagay-bagay ay madali para sa kanya. Pero isang araw ang hari'y namatay. At si Isaias na propeta'y dumako sa dambana sa bahay ng Diyos. At habang nananalangin siya, nagipit siya sa pagitan ng kanyang sariling mga sala at sa pangitain. At siya nga'y napasigaw, "Sa aba ko," nung makita niya ang mga Anghel na 'yun na may mga pakpak na nakatakip sa Kanilang mga mukha, at mga pakpak na nakatakip sa Kanilang mga paa, at lumilipad, sumisigaw, "Banal, banal, banal ang Panginoon." Napasigaw siya, "Sa aba ko, dahil ako'y isang lalaking marumi ang mga labi." Naipit nga siya roon sa isang panahon na di-inaasahan, sa isang dako na di-inaasahan.

87 Sa isip-isip niya, "Dadako ako roon at mananalangin, at sasadya at hahayo, dahil naniniwala ang mga tao na magaling akong mangangaral, o pastor, o kung ano." Pero naipit siya roon. Hindi lang siya naipit roon sa kalagayang 'yun kalakip 'yung pangitain, pero dinatnan siya roon na may maruruming labi sa bahay ng buhay na Diyos.

88 Oh, kapatid, kung hahalughog 'yun sa buong siyudad sa gabing ito, at bukas ng umaga, sa mga ministro na tumatayo at sinasabi sa inyo na walang ganoong bagay gaya ng Makalangit na kagalingan, at walang ganoong bagay gaya ng bautismo ng Espiritu Santo, marami nga ang mapapalahaw sisigaw "Sa aba ko, na may maruming labi." Totoo 'yun, oo, sadyang totoo.

89 Ang mga binatilyong Hebreo, noong panahon, sila'y nagipit din sa isang matinding suliranin. Nagipit sila sa isang di-inaasahang dako, kung saan nakatagpo nila ang Diyos, dahil ang Diyos ay sumama sa kanila sa isang nag-aapoy na hurno; panahon na di-inaasahan, pamamaraan na di-inaasahan. Pero ang Diyos nga'y di nagbabago, di-nagbabagong Diyos, at ginagawa Niya ang mga bagay sa ganoong paraan; sa di-inaasahang lugar, sa di-inaasahang panahon, at kung ano pa.

90 Humiling noon ang Israel ng isang makapangyarihang hari. Naghangad sila ng isang hari na magpapalaya sa kanila. Yung

ganoong klase ang inaasahan nilang ipapadala sa kanila ng Diyos, na isa ’yung hari, na magpapalaya sa kanila, isang hari na makapangyarihan na magmamartsa gaya ni David. “Ang Anak ni David ay lilitaw, bababa mula sa pasilyo ng Langit, at lalakad sa lupa na sasaluduhan ng lahat ng Anghel, at ang Ama ay susulyap mula sa Langit at magsasabi, ‘Ipinadadala Ko na sa inyo ngayon ang Mesiyas.’” At nasa isip na nila na sa ganung pamamaraan ang Kanyang pagdating.

91 Pero anong dumating sa kanila? Ang dumating sa kanila’y sanggol sa halip na makapangyarihang hari, isang sanggol na isinilang sa isang—isang munting sabsaban, sa gilid ng burol, sa isang munting kuwebang sabsaban na puno ng dayami, at mga dumi mula sa mga hayop, at isang—isang sanggol. Pero ’yun ang tugon sa kanilang dalangin. Siya mismo ang saktong kailangan nila. Pero ang gusto nila’y ayon sa sarili nilang pamamaraan. Ang gusto nila’y sa paraan na sa kanilang—kanilang tingin ay ang pinaka mainam. Pero alam nga ng Diyos kung papaano magpadala sa paraan na nalalaman Niya na pinaka mainam, dahil Siya’y walang hanggang Diyos, at alam Niya mismo kung papaano nga ipadadala ito.

92 Alam Niya ang pangangailangan n’yo. Alam Niya kung papaano ’yun dadalhin sa inyo. Pero ang nagiging problema nga rito, ay dahil sa hindi ito dumarating sa paraan na iniisip n’yo na ’yun ay darating, kaya naman napanghihinaan kayo ng loob, at isinasauli n’yo sa Kanya. Tayo nga’y humiling mismo sa Kanya, at manampalataya na ipadadala Niya ito sa atin sa pamamaraan na ninais Niya na ito’y maipadala. At tanggapin ’yun sa ganoong paraan. Ganoon nga. Kita n’yo?

93 Kung hihiling kayo sa Kanya, huwag n’yong palabasin na Siya’y sinungaling. Hindi Siya maaaring magsinungaling. Siya nga’y nangako, “Humiling kayo sa Ama ng anuman sa Aking Pangalan, Akin itong gagawin.” Ngayon, ang Diyos nga’y hindi maaaring magsinungaling. Humiling kayo sa Kanya at ’yun ay ipangyayari. “Magsihanap kayo, at kayo’y makasusumpong; kumatok kayo, ito’y bubuksan.” Sinasampalatayanan natin ’yan. Tunay na pinananaligan natin.

94 Ang dumating sa kanila’y sabsaban. Kaya anong ginawa nila? Ito na ba’t munting Sanggol sa sabsaban. Yun na ba ang makapangyarihang Hari? Aba’y tinanggihan nila Siya. Siyanga, po. Bakit? Hindi kasi Siya dumating sa paraan na inaasahan nila na Siya’y darating.

95 At, mga kaibigan, iisipin n’yo marahil na kakila-kilabot na bagay ’yun. Ganoon nga. Pero, alam n’yo, tayo man ay bagsak sa ganoon ding bagay. Bagsak tayo sa siya ring bagay. Tayo’y humihiling sa Diyos ng mga bagay-bagay, at pagkatapos tayo’y lalakad-lakad sa palibot, at—at, kung di Siya magbubuhos sa atin ng isang bagay na magkakaloob sa atin ng isang bagay na

sa isip natin ay dapat kamit natin, mangyari nga na isinasauli natin ito. Kita n'yo? Huwag n'yong gawin 'yun. Humiling kayo sa kanya. Manatili kayo rito. Siyanga, po. Manghawakan kayo rito kung batid n'yo na totoo 'yun.

96 At ano pa bang mas totoo kundi ang Salita ng Diyos? "At ang Salita ng Diyos ay nagsalaman, at nanahan kasama natin, si Cristo." At ngayon si Cristo'y nagsugo ng Espiritu Santo. At Siya ay Diyos, sa Espiritu, kaya naman panghawakan n'yo Ito. Kung ang Espiritu Santo ay narito at ipinagkaloob sa atin ang pangako na 'yun, manatili kayo roon.

97 Ano bang nangyayari sa atin, mga Pentecostal, na nag-aangking taglay-taglay natin ang Espiritu Santo at haya't takot na magtiwala sa Diyos sa halos lahat? Anong nangyayari? Tayo kasi'y umaasa sa kung anong ibang pamamaraan.

98 Sa palagay ko riyan, ang ginagawa natin, sasabihin ko sa inyo nang tahasan, sa tingin ko ang inaasahan kasi natin, ang Diyos ay paparito at pasisibulin tayo na maging isang malaki't sikat na organisasyon na *ganitong* uri at *ganoong* uri. At kapag ganyan ang ginagawa n'yo, nagbubunsod kayo ng sali-salimuot laban sa iba. Ang dapat nating gawin, kapatid, ay iwaglit 'yan sa isipan. Mainam naman 'yang mga organisasyon n'yo.

99 Pero ang gusto nga natin ay mga Cristianong ipinanganak na muli na taglay ang kaligtasan sa kanilang puso, at ang kapangyarihan ng Espiritu Santo'y naroon, na mag-ibigan sa isa't isa, at umabot sa isa't isa; at magkaroon ng malasakit sa isa't isa, maluwalhating malasakit, mga panlunas na malasakit, at pag-ibig sa kapatid. Yun ang nagbibigkis sa atin. Yun ang gusto ng Diyos na taglayin natin. Siya'y Diyos na walang hanggan, at Siya'y di maaaring magbago. Ang Kanyang Salita, hinding-hindi Niya maaaring baguhin ang mga Iyon.

100 Ngayon masdan. Mangyari nga na tinanggihan nila Siya dahil hindi Siya dumating sa paraan na Siya . . . sa paraan na inaasahan nila. At napansin natin, na anupa't dumating Siya sa anyong Kasulatan. Dumating Siya nang eksakto ayon sa—sa plano sa Kasulatan. At bawat isa rito'y nagbunsod, hayan nga rin, sa tamang dako, sa tamang panahon, at sa tamang paraan. Sa tuwina'y ginagawa ito ng Diyos sa Kanyang pamamaraan, at ang paraan na 'yun ay tama.

101 Ngayon, si Moises, bakit pa siya mag-aalinlangan? Tinawag siya mula pagkasilang. Siya'y sanggol pa lang nung tawagin na siya ng Diyos. Ipinanganak siya sa mundong ito para sa isang layunin. Ipinanganak siyang propeta. Hindi nga dapat mahirap kay Moises na maisip 'yun, na magugulat pa, dahil dapat lang na inaasahan niya ang Diyos na tawagin siya.

102 Si Jacob, nangusap sa kanya ang Diyos at nagsabi, "Jacob, umuwi ka. Ako'y sasaiyo at pararamihin ka. Gagawin Kong ang iyong mga binhi'y magiging mga buhangin sa dagat." Bakit

siya lubos—lubos na magugulat, kung ganoon, na ang Diyos ay dadating sa kanya ng gabi nung panahon na si Laban ay paparating mula sa isang direksyon na ito, at si Esau naman sa kabila? Sa kabila ng ganoon ay nangako sa kanya ang Diyos. Amen.

103 Hayan nga kayo, mga kaibigan. Kapag nangangako ang Diyos, at ang oposisyon ay lumilitaw, 'yun ay para subukin kung tunay na taglay mo talaga ang Salita, o hindi. Ang isang tao na may kamit na tunay na ginto'y di niya alintana siya ma'y mapahawak sa bato. Kita n'yo? Ganoon 'yun. Kita n'yo? Isa lang 'yung. . . Sabi ni Pedro, sa pagkakaalala ko siya nga 'yun, na nagsabi, "Ang mga pagsubok na ito ay dumating lamang para subukin tayo, tayo'y masubok," titingnan kung ano bang ikikilos natin dahil dun. Ganoon nga. Kapag kamit mo na ang Espiritu Santo, at—at ang asawa mong lalaki'y palalayasin ka ng bahay, o—o si nanay ay palalayasin ka ng bahay, 'yang mga ganyang bagay, huwag kayong susuko at babalik sa sanlibutan. Panahon lamang 'yan ng pagsubok.

104 Si Jacob, kung tutuusin ay mas maalam siya dapat sa bagay na 'yun. Pero para bang nagpahapay-hapay siya sa buhay, at kung saan-saan ang takbo, at kung ano pa, mula *rito*, *roon*. At siya. . . Gustung-gusto ko 'yung sinabi niya roon. "Tinawid ko ang Jordan na ito noon na tungkod lang ang hawak-hawak. At ngayon ako'y bumabalik na may kasamang dalawang hukbo, bumabalik, na mas dumami." Tapos sabi niya, "Heto si Esau, na aking kapatid, paparating sa direksyong *ito*. At ang biyenan kong lalaki sa banda naman *dito*, na tinutugis ako." At sa ganoon, nung masadlak siya sa ganoong kalagayan, pero siya nga'y nakadako sa tamang lugar, at unti-unti na di-inaasahan, sa tingin ko, nasumpungan niya ang kasagutan.

105 Pero bumaba ang Diyos, at siya'y nakipagbuno, at nanatili kasama ang Diyos, at nanghawakan dun hanggang sa dumating ang pagpapala. Gustung-gusto ko si Jacob sa pagkakataong ito. Nung makita niya mismo ang bagay na tama, nung mahawakan niya mismo sa kanyang mga kamay ang bagay na totoo, siya'y nanghawakan na mainam hanggang sa makamit niya ang mga resulta.

106 Oh, kung magagawa lamang natin 'yun! Kung magagawa lamang ng iglesya 'yan, kung makukumbinse lamang kayo na 'yun ang tama, at mababatid na 'yun ang pangako ng Diyos, at hindi 'yun nabibigo! Kayo nga'y sadyang. . . hindi Ito mabibigo.

107 May kumausap man sa inyo na parang pinabibitaw kayo, sasabihin, "Para lang 'yan sa ibang henerasyon. Hindi 'yan para sa atin." At 'yan—'yan ay di batay sa Kasulatan.

108 Sinabi ni Jesus, sa Marcos 16, "Humayo kayo sa buong sanlibutan, ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang. Ang mga tandang ito ay lalakip sa inyo na mga sumasampalataya,"

Kita n'yo? Saan? Gaanong kalayo? Buong sanlibutan, bawat nilalang. Ang mga tandang ito ay lalakip sa buong mundo, sa bawat nilalang na sumasampalataya.

109 Sinabi ni Pedro, noong Araw ng Pentecostes, "Sapagkat ang pangako ay sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa kanila na mga nasa malayo, gaya ng kung gaanong karami ang tatawagin ng Panginoon nating Diyos."

110 Papaano n'yo gagawin 'yun? Kinakailangang maipangaral ang Ebanghelyo, at sa buong mundo, simula sa Jerusalem. Lucas 24:49, sabi Niya, "Magsipanatili kayo sa bayan ng Jerusalem hanggang sa masangkapan kayo ng kapangyarihan mula sa Itaas."

111 "Matapos na ang Espiritu Santo," Mga Gawa 1:8, "na ang Espiritu Santo'y sumapit sa inyo, pagkatapos kayo'y magiging mga saksi Ko sa Judea, Samaria, at sa malalayong bahagi ng mundo." Sa lahat ng dako, ang Espiritu Santo'y nagtataglay ng mga tanda't kababalaghan na lumalakip.

112 Papaano natin maisasantabi 'yan? Pangako 'yan ng Diyos. Huwag n'yong hayaan ang diyablo. Kapani-paniwala siya kung magsalita, at sadya ngang, mistulang, isang taong nakapagbasa ng Kasulatan. Pero binabali nga niya Ito para papagsabihin ito ng bagay na di naman Nito sinasabi.

113 At sa kabila nun, sinabi ng Biblia, "Ganoon na lamang itong kasimple na ang mangmang ay di magkakamali sa daan." Sadyang manghawakan lamang sa pangako ng Diyos at kumapit lamang dun. Kumapit nang mainam sa isa na 'yun hanggang sa makakapit ka sa isa namang 'yun. Kapag nakita n'yo na ang isang *ito'y* natugunan, pagkatapos nga'y kumapit naman sa isa na *ito*. Pagkatapos kumapit ka sa isa na *'yun* hanggang sa makakapit ka sa isa pa. Pagkatapos magpatuloy lang sa pag-akyat.

114 Gaya nung inaawit nung koro kagabi, dun sa—sa kabilang simbahan, sa simbahan ni Kapatid na Outlaw, na sinasabi dun; ang unang hakbang ay pagbabagong-buhay, at pagkatapos siya'y nagpatuloy, sumapit sa isang dako pa. At pagkatapos lumagpas sa Mars, Jupiter, at nakaabot sa Milky White Way, at nagpatuloy lang nang nagpatuloy. Gustung-gusto ko—ko 'yun. Kita n'yo? Magpatuloy lang sa pag-akyat, hakbang-hakbang.

115 Panghawakan n'yo ang pangako ng Diyos, sabihin, "Diyos, Iyo pong ipinangako na ililigtas ako." Panghawakan n'yo 'yun. Manatili kayo roon hanggang sa maligtas kayo. "Diyos, Iyo pong ipinangako na pupuspusin ako ng Espiritu Santo." Manatili kayo roon hanggang sa mapuspos kayo ng Espiritu Santo. Kung may sakit kayo, sabihin n'yo, "Iyong ipinangako na pagagalingin ako. Ako po'y mananatili rito hanggang sa Iyong pagalingin ako." Hayan nga. Sa ganoong paraan dapat 'yun gawin. Manatili mismo roon.

116 Ang Diyos ay walang hanggan. Di Siya nagbabago. Hindi Siya maaaring magbago. At ginagawa Niya ’yun sa mga di-inaasahang pamamaraan, pero kayo nga’y manghawakan lang hanggang sa dumating ’yun. Huwag n’yong sabihin sa Diyos kung ano ang palagay n’yo na dapat, kung paano ang palagay n’yo na paggawa Niya rito. Gagawin Niya ’yun sa paraan na gusto Niyang gawin ’yun. Kita n’yo? Huwag n’yong sasabihin sa Kanya kung papaano gagawin ’yun.

117 Ngayon masdan. Ngayon nasumpungan natin na si Isaias ay ipinanganak na propeta. Ngayon, naroon siya sa iniatang sa kanyang tungkulin sa may dambana. Hindi nga kakaiba na ang isang propeta’y makakita ng pangitain, kaya marapat lamang na alalahanin niya. Naroon siya mismo sa iniatang sa kanyang tungkulin. Kaya, di siya taliwas sa Kasulatan; siya’y nandun mismo sa Kasulatan.

118 Sinabi ng Diyos, “Kung may isa sa kalagitnaan n’yo, na espirituwal, isang propeta, Ako na Panginoong Diyos ay ihahayag ang Aking Sarili sa kanya. Anuman ang sabihin ng propetang ito’y magaganap, haya’t pakinggan n’yo siya. Kung di ’yun maganap, tanggihan n’yo siya.” Kaya, kita n’yo, si Jacob ay naroon sa pagkakalinya sa Kasulatan. Si Moises, ay naroon sa pagkakalinya sa Kasulatan.

119 At, si Elias, kunin nating halimbawa si Elias dito. Gusto kong banggitin siya, ngayon, nagtungo siya roon sa ilang at siya’y nalungkot na lubha. At nagpadala sa kanya ang Diyos, pinakain siya sa pamamagitan ng isang Anghel, at inilagay siya sa ilang, at naglakbay siya roon nang apatnapung araw at gabi. At malalaman n’yo na lang, anong nangyari? Umakyat siya, nagkubli sa isang yungib. At ang propeta sa loob nun, may narinig siya na humahagibis na hangin, humahampas, umiihip. Narinig niya ang mga bato na dumagundong, lahat. Sa isip-isip niya, “Buweno, ayos lang ’yan. Matagal na rin akong naroon noon sa Bundok ng Carmelo. Alam ko na Siya’y tumutugon, ang kulog, at ang kidlat, at ang ulan. Alam ko na ’yun.” Pero, ang pumukaw mismo sa propeta, ay yaong di-inaasahan na mumunting payapang Tinig.

120 Magbubunsod ’yan na marami sa atin na mga Pentecostal na mapalundag. Kita n’yo? Umaasa tayo na darating ang isang bagay sa isang paraan, samantalang dadalhin’ yun ng Diyos sa sarili Niyang paraan. Kita n’yo? Iniisip natin, na ito, dapat dumating ’yun sa paraan na inaasahan natin. Pero ipinapadala ’yun ng Diyos sa Kanyang sariling paraan, sa paraan na nais Niyang gawin ’yun—gawin ’yun.

121 Ngayon, si Jesus. Nung humiling sila na magkaroon sila ng hari, Isaias 9:6, sabi ni Isaias, “Sa atin ay ipanganganak ang isang Bata, isang Anak na lalaki ang ibibigay: ang pamamahala Niya ay iaatang sa Kanyang mga balikat.” “Magsisilang ang

isang birhen, at isisilang ang isang Bata. Tatawagin Siyang Immanuel." At, siyanga't, dumating Siya nang eksakto sa linya ng mga Kasulatan. Siya nga ba? Saktong-sakto sa pagkakasabi ng Kasulatan.

122 Si Moises ay nakalinya, pero di nga 'yun dumating sa paraan na iniisip niya na darating. Sa isip niya, "Pupunta ako roon at papatayin ang Egipcio. Ganoon nga, pagkatapos ang lahat na anak ni Israel ay magsasabi, '*Ganito-at-ganoon*, siya, kita n'yo, siya ang ating mananagumpay.'" Pero di nga dumating sa ganoong paraan. Gayong naroon siya sa linya ng mga Kasulatan. Si Jacob man, lahat sila, ay nasa linya ng mga Kasulatan nung ang Diyos ay kumilos.

123 At kung maililinya natin ang ating sarili sa Salita ng Diyos, at manghahawakan dun! "Ano pong magagawa ko, Kapatid na Branham, ano pong magagawa ko para makalinya sa Salita ng Diyos?" Panghawakan n'yo lang Ito sa inyong puso at inyong sampalatayanan Ito. Bawat pangako ay sa inyo. Ito'y sa inyo. Maaari n'yong kunin ito. Ito'y pagmamay-ari n'yo.

124 "Bawat pangako sa Aklat," gaya ng inaawit n'yo, "ay akin. Bawat kabanata, bawat talata, bawat linya. Ako'y nagtitiwala sa pag-ibig Niyang Makalangit, dahil bawat pangako sa Aklat ay akin." Kita n'yo?

125 Anupamang pangako, sa inyo ano't anuman, dahil bigay ito sa inyo ng Diyos. "Sinumang magnanais, siya'y lumapit at uminom mula sa mga bukal, sa tubig ng Buhay, nang walang bayad." Ito'y sa inyo. Ito'y pagmamay-ari n'yo. Anumang pangako'y pagmamay-ari n'yo, kung may pananampalataya ka para pairalin ito. At mangyayari nga 'yun, kung sasampalataya ka rito.

126 Ngayon, pero nung dumating si Jesus, nasumpungan natin na Siya'y ipinanganak sa isang sabsaban, na anupa't daglian na tumanggi ang mga Judio. Hindi kasi Siya dumating sa paraan na iniisip niya, o iniisip nila na pagdating Niya, kaya tiniwalag nila Siya mula sa kanilang pagbubuklod. At itinaboy nga Siya roon. Pero masdan n'yo nga kung anong ginawa Niya. Siya, nung Siya . . . Hindi Siya nun napigilan.

127 Nung unang isilang ang Pentecostes, ang iglesya'y tiwalag, din. Pero hindi nun napigilan ang mensahe. Lumaganap at lumaganap Iyon. Hinding-hindi mapipigil si Jesus.

128 Sinong makapipigil sa Diyos? Hindi n'yo magagawa 'yan. Hindi. Wala kayong magagawa para gawin 'yun. Mas madali mo pa ngang mapipigilan ang araw. Pero hindi n'yo mapipigil ang Diyos. Ang programa Niya'y iiral at iiral mismo.

129 Mangyari nga na dumating 'yun nung ang mga iglesya'y naroon na nananalangin para sa isang rebaybal. Dumating Ito sa di-inaasahang pamamaraan. May isang grupo Siya roon, na isang itim na lalaking isa lang ang mata sa dako ng California,

at ilang—ilang palaboy sa kalye, at mga tulad nun, at sila'y pinuspos ng Espiritu Santo. At nagpasimula 'yun ng ningas, na, tingnan n'yo kung gaanong kalawak ang pinaglaganapan nun ngayon.

130 Yun ang naging pinaka mabilis na lumagong iglesya sa buong mundo. Mas marami silang akay nung nakaraang taon kaysa sa iba pagsama-samahin man. Oo. Totoo. Ang *Our Sunday Visitor*, na isang pahayagang Katoliko, na mismo ang nagsabi. Ang naitalang bilang nila'y isang milyon at limang daang libo.

131 Ano? Ang Salita ng Diyos ay lalayag, nang lalayag, nang lalayag. Ang Kanyang mga hirang ay di manlulupaypay. Sila'y mga sundalo, amen, dahil ang Salita ng buhay na Diyos ay nag-aalab sa loob ng kanilang mga puso. Ganoon na. Nagpapadala ang Diyos sa kanila ng mga bagay-bagay sa iba't ibang lugar, pinagpapala sila, pinauusad sila. Ngayon atin ngang ituon ang ating isip sa Salita, at sa Diyos, at umusad mismo.

132 Ngayon, huwag kayong lumihis, na sasabihin, "Magiging pinaka malaking grupo tayo. O, amin ang pinaka mainam na grupo sa bayan. Ang pinaka maiinam manamit na madla'y sa amin dumadalo," o parang ganun. Kung 'yan ang ipapasok n'yo sa isip n'yo, kayo nga'y bagsak na kung ganun. Kita n'yo? Siyanga, po.

133 Alalahanin n'yo, kung saan naroon ang Espiritu, naroon ang buhay na Mga Nilalang. Siyanga. Manatili kayo sa Espiritu ng Diyos. Anuman ang gawin n'yo, manatili sa Espiritu.

134 Ngayon, si Jesus, nung lumaki na Siya, pinatunayan Niya na Siya ang Mesiyas na ipinanalangin nila. Ipinakita Niya sa kanila ang Kanyang tanda ng pagka-Mesiyas. Pinatunayan Niya na Siya ang Mesiyas, sa pamamagitan ng mga tanda na Kanyang ginawa.

135 Tingnan n'yo ang babae sa may balon nung sabihin Niya sa babae ang mga kasalanan nito, na may lima itong asawang lalaki. "Mangyari," sabi nito, "Ginoo, nalalaman namin na sa pagdating ng Mesiyas, sasaysayin Niya sa amin ang lahat ng mga bagay." Pero di niya nakilala kung Sino Siya.

Sabi Niya, "Ako Siya."

136 Tingnan n'yo si Natanael, nung dumating Siya roon kasama si Felipe, at lumakad siya papalapit sa Presensya ni Jesus. At sinabi ni Jesus kung sino siya, kung saan siya nanggaling, kung anong ginagawa niya roon. Oh, grabe! Pinatunayan nun mismo. Sabi niya, "Rabi, Ikaw ang Anak ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel." Grabe! Tunay. Dahil, sa ano? Napatunayan Siya mismo. Na Siya yaon. Siya 'yun na . . . kanilang . . .

137 Hindi nga Siya dumating sa paraan na iniisip ng Israel na Siya'y darating. Ang iniisip nila, "Siya'y magiging isang makapangyarihang Hari na may pamalo sa Kanyang kamay, at

hahayo roon at hahagupitin ang mga Romano sa ulo gamit ’yun.” Pero hindi ’yun ang paraan ng Diyos.

138 Ni hindi nga ganoon ang sabi ng Kasulatan na Kanyang gagawin sa pagdating. Dun sa susunod na pagdating Niya gagawin ang ganoon. Napaghalo nila ang una at ikalawang pagparito Niya, napaghalo nila.

139 Mangyari mismo na dumating Siya sa kababaan, maamo, nakaupo sa isang mola, nakasakay roon. At nanggaling Siya mula sa—mula sa—sa pinakamaliit na bayan kumpara sa lahat ng—ng malalaking lalawigan. At oh, tinupad ng mga Kasulatan ang Kanyang pagdating, sa paraan mismo na Siya’y darating, pero bigo sila na makita ’yun. Kita n’yo? Gayong ipinamalas na Niya ang tanda ng pagka-Mesiyas, pinatunayan na Siya mismo ang Mesiyas, at tinanggihan nila ’yun dahil dumating Siya sa di-inaasahang paraan sa pananaw nila. Ngayon, kung nagawa lang sana nila na malugod na tanggapin Siya sa batayan na ipinadala Siya ng Diyos!

140 Magagawa ba natin sa gabing ito, na mga Pentecostal, na tanggapin ang Espiritu Santo sa batayan ng pagkakapadala ng Diyos dito? Maaari ba nating asahan na gagawin ng Espiritu Santo ang sinabi ng Diyos na gagawin Nito kapag dumating na Ito? Sa ganoon bang batayan natin hangad na tanggapin ito? O gusto pa rin nating sabihin, “Oh, naniniwala ako na natanggap ko ang Espiritu Santo *nung* naniwala ako. Kinamayan ko pa nga ang pastor ko, at, sinasabi ko nga sa inyo, naniniwala ako—naniniwala ako na natanggap ko ang Espiritu Santo”? Samantalang di ganyan ang pagkakasabi ng Biblia.

141 “Sa pagdating Niya, Kanyang ipatototoo Ako,” sabi ni Jesus, kita n’yo, sa pagdating Niya.

142 Ngayon, papaano Niya pinatotoo ang—ang Diyos? Kanya ngang pinatotoo sa pamamagitan ng buhay na ibinubuhay Niya sa inyo. “Sa pamamagitan ng bunga nila ika’y makikilala.”

143 Masasabi n’yo, “Buweno, Kapatid na Branham, kamit ko ang Espiritu Santo. Nakakapagsalita ako ng iba’t ibang wika.”

144 Naniniwala rin naman ako, riyan. Pero kung ang buhay na ’yan ay di tumatalima sa karanasan, kung ganoon may bagay na mali, kita n’yo, mali ang natanggap n’yo. Kita n’yo? Pero kung kamit n’yo—kung kamit n’yo ang tunay na Espiritu Santo, at nakapagsalita ka ng iba’t ibang wika, kung ganun tatalima dun ang pamumuhay. At mangyari rin, na kung nag-aangkin ka na kamit-kamit mo ang Espiritu Santo, at may karanasan ka, at pagkatapos ang pamumuhay mo’y di naman tumatalima sa Salita ng Diyos, kung ganoon maling espiritu ang nakuha mo. Kita n’yo? Dahil, “Di ka makaaani ng ubas mula sa—sa tinik.” Alam n’yo ’yan. Kita n’yo? “At sa pamamagitan ng bunga nila sila nakikilala.”

145 At si Jesus, nung dumating Siya, na ipinahahayag na Siya ang Mesiyas, haya't ginawa Niya ang mismong mga gawa ng Mesiyas. Amen. Sabi Niya, "Kung di Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung ganoon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan. Pero kung ginagawa Ko ang mga gawa ng Aking Ama, kung ganoon ay paniwalaan ninyo ang mga gawa." Grabeng pahayag! Ganoon din ngayon, gaya ng ipinangako Niya sa Mga Hebreo 13:8, "Si Jesus Cristo'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."

146 Ang mga denominasyon, ang mga kilalang organisasyon ng mundo, anong inaasahan nila kapag nakikita nila ang. . .kapag may rebaybal na sisimulan sa siyudad? Ano ang inaasahan ng mga denominasyon? "Isang mahusay na intelektuwal na talumpati. Kinakailangan na ang magsasalita'y darating dun na may mainam na edukasyon, matataas na pananalita. At may kakayahan, may dating, na nakakakuha ng pakikipag-ugnay galing sa lahat, at—at lahat na gaya nun, at isang malakiha't maitatanyag na programa." Ano tuloy ang nangyayari? Haya't umaakyat sa may altar, isang grupo ng mga Jezebel na ang mga mukha'y pinturada't di hinihilamusan, isang grupo ng mga kalalakihan na panay ang paninigarilyo na nag-aangking mga Cristiano raw sila, at di man lang tinutuwid ang kanilang buhay, haya't baluktot na baluktot na animo'y bariles ng mga ahas. Tapos sasabihin n'yo sa akin na 'yan ang Espiritu Santo? Hindi, po.

147 Ang Espiritu Santo'y kabanalan, at kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo. Sinabi ng Biblia, "Si Jesus Cristo'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Amen. Totoong-totoo 'yun, kapatid ko, walang kaunti mang pasubali. Pero ang. . .

148 Ano 'yun? Magpapatayo ng isang lalaki roon, na marahil mauutal nang kaunti, at magulo nang kaunti ang pagsasalita niya, at may ilang salita na mali pa ang pagkakabaybay, o mali ang bigkas. Mangyari nga na sasabihin nila, "Ah, di uubra ang lalaking ito."

149 Papaano ang inyong Dwight Moody, isa sa pinaka dakila na mayroon mula kay Charles Finney. Ganoon nga. Papaano naman si Moody? Ni hindi nga niya mabasa halos ang sarili niyang pangalan, munting abang sapatero lang.

150 Isang araw, doon, nung nangangaral siya sa mga cockney na mga taal ng Inglatera, at sinusubukan niyang basahin 'yung Biblia at may namali siya na nabigkas. Ano? Kanyang, sa palagay ko, ang bigkas niya sa Filisteo, "Filistyo," o kung ano, o kung anong inimbento niyang salita. Binalikan niya 'yung kalahatian ng talata. Sinubukan niya uli. Iniisip niya na baka kapag inulit niya'y mababaybay niya na nang tama. Namali uli

siya. Binalikan niya't binasa ang buong 'yun uli, at namali siya uli.

151 Isinara niya ang Biblia. At alam niya na nakaupo 'yung mga cockney roon, sadya ngang. . . Intelektuwal dapat kasi ang dating sa kanila. Isinara niya ang Biblia. At ang sabi niya, "Panginoong Diyos, mangungusap po ako sa wika na Iyong ipinagkaloob sa akin." Kapatid, talagang napaluha ang buong lugar na 'yun. Ganoon ang nangyari. Tumulo ang mga luha sa kanilang mga pisngi.

152 May pahayagan na dumating para mag-imbestiga, usisain kung bakit nakaaakit siya ng maraming tao. At dumating ang pahayagan at nagsulat ng artikulo, sabi, "Bakit may mga tao na magpupunta para makita si Dwight Moody?" Sabi niya, "Unang-una, ordinaryo siyang tingnan." Tapos sabi, "Kasunod pa," sabi, "Labas sa ilong kung siya'y magsalita. Hindi siya—hindi siya magaling mangusap." Tapos sabi, "Yung kanyang pagbabaybay ay sobrang sama na walang makukumparahan." Tapos sabi, "Ang pangit niyang tingnan. Mataba siya, at mabilog, at tadtad ng balbas sa kanyang mukha." Oh, lahat na halos ay naipula nila sa kanya, halos.

153 Dumating 'yung tagapangasiwa niya at sabi, "G. Moody, ito ang sinasabi ng pahayagan tungkol sa'yo." Binasa niya kung anong naroon. "'Ginoo,' sabi, 'bakit may mga tao na nagnanais na makita si Moody?'"

154 Tapos pagkalampas ni G. Moody sa isang pangungusap, ang sabi, "Huh. Totoo naman. Nagpupunta ang mga tao rito para ang Panginoon ang masaksihan." Ganoon nga. Hindi sila nagpupunta para. . . Kung magpupunta ka kasi roon na si Dwight Moody ang titingnan, iba talaga; mayroon at mayroon kang makikita.

155 Kapatid, kung ang ipinunta mo ay intelektuwal na talumpati, 'yun ang hanap mo, 'yun ang maaasahan mo. Pero kung magpupunta ka para masaksihan ang kapangyarihan at pagpapamalas ng Espiritu Santo, kakailanganin mismo ang kapangyarihan ng Diyos mula sa Langit para gawin 'yun. Ganoon nga. Kumpurme talaga sa kung ano ang hanap mo, kung ano ang inaasahan mo.

156 Sa tuwing nagpupunta ako ng simbahan, ang inaasahan ko ay pagkaligtas. Ang inaasahan ko'y banal na mga tao. Ang inaasahan ko'y napaglilinis na grupo ng mga tao mula sa isang buhay na makasalanan. Yun ang dapat n'yong asahan, dahil 'yun ang hinihiling ng Diyos. Pero napapansin n'yo ba kung papaanong ibinababa n'yo ang pamantayan?

157 Si Tandang Kapatid na Spurgeon, na isang matandang Methodist na ministro na kaibigan ko, dati ipinapangaral niya, ang sabi'y pinababayaaan natin. . . o ipinapangusap niya noon, inaawit niya noon, ang ibig kong sabihin. Sabi niya:

Ibinagsak natin ang ating pamantayan, ibinagsak natin ang ating kabanalan
Tuloy nakompromiso tayo sa kasalanan.
Ibinagsak natin ang ating pamantayan, mga tupa'y nakatanan
Papaano nakapasok ang sangkakambingan?

Sa pagbagsak natin ng pamantayan, ganoon nga, ibinagsak ang pamantayan.

158 Manatili sa Salita. Ang Diyos ay di-nagkakamali. Ang Diyos ay Ang walang hanggan na di-nagbabago. Hindi Siya nagbabago, ang Diyos na di-nagbabago, ang siya ring Iyon na bumaba nung Araw ng Pentecostes, at pinuno ang buong bahay ng isang humahagibis na hanging malakas. At may mga dila ng Apoy na naparoon sa ibabaw nila, at napuspos sila ng Espiritu Santo. Yun ang siya ring Diyos na inaasam natin na makita ngayon. Kumpurme talaga sa kung ano ang inaasahan n'yo na makita. Ang walang hanggang Diyos, "Ako ay Diyos, at hindi Ako nagbabago." Hindi Siya nagbabago. Hindi Siya maaaring magbago. Kung ganoon mismo ang ibinigay Niya sa mga unang nagsipag-asam noon, 'yun din ang ibibigay Niya sa ikalawang magsisipag-asam, 'yun din ang ibibigay Niya sa pangatlo, pang-apat. At lahat mismo ng tatawagin Niya ay siya ring bagay.

159 Ang sabi Niya, "Ako ang Puno ng Ubas. Kayo ang mga sanga." Kung ang isang puno ay mag-uusbong ng isang sanga, at magbubunga ng ubas, ang isa pang puno o . . . Ang isa pang sanga na iniusbong mismo ng puno ay magbubunga ng ubas. Hindi n'yo mapagbubunga ang ganoong naturang puno ng mga kalabasa, sa sunod, mga pakwan naman, at pagkatapos mga ubas. Hindi n'yo magagawa. Kita n'yo, ipinapakita lang na idinikit lang ito kung ganoon. Isa 'yung—isa 'yung puno na hinugpungan. Ganoon nga. O isang puno ng ubas na . . . o kung anong sanga na ihinugpong dun sa puno.

160 Nakatayo ako noon isang beses kasama si Kapatid na John Sharrit. May ipinakita siya sa akin na mga, oh, halos apat o limang uri ng bungang citro sa isang . . . sa . . . isang puno. Sa palagay ko bungang granada. At—at, hindi po pala, palagay ko mali ako roon. Bungang dalandan pala, at mga limon, at mga dalanghita, at mga lukbanita, at mga lukban, lahat ng 'yun ay tumutubo mula sa isang puno ng dalandan.

161 Sabi ko, "Pero, Kapatid na John, may gusto sana akong itanong sa'yo. Kung sila ba'y magbubunga, at magpapausbong uli," sabi ko, "ang lahat ba'y magiging dalandan?"

162 Sabi niya, "Hindi. Bawat isa kasing sanga, bawat isa sa maliliit na mga sangang 'yan ay pinutol at inilagay sa punong ito. Kung galing sa puno ay limon, ito'y . . . Kung ang sanga ay limon, ito'y magbubunga ng limon."

163 Sabi ko, "Pero paano naman kung 'yung orihinal na puno ang mag-uusbong ng sanga?" Sabi niya, "Dalandan ang ibubunga." Ganoon nga.

164 Kaya, kapatid, magagawa nating ihugpong ang ating sarili sa pamamagitan ng organisasyon. Ganoon lang ang mayroon tayo. Ang ipinamumunga natin ay organisasyong bunga. Ang ipinamumunga natin ay organisasyong katibayan. Pero kung kayo'y umusbong galing mismo sa Puno ng Ubas, at iuusbong kayo nun, na isang bagong nilalang kay Cristo, ang inyong ipamumunga ay buhay ni Cristo. Kaya lingapin n'yo ako, kung magagawa n'yo. Siyanga. Makakamit n'yo ang siya ring karanasan na kanilang nakamit sa pasimula. Amen. Alam ko na 'yan ang katotohanan.

165 Ang tinitingnan ng mga denominasyon ay mga intelektuwal. Ang problema, sa ating mga Pentecostal, ang hanap natin lagi'y yaong humahagibis na hangin, nakakalingat tayo dun sa munting payapang Tinig. Ganoon nga 'yun. Kita n'yo? Siyanga, po. Hindi nga inaasahan, kung minsan. Kung wala nga 'yung munting payapang Tinig, buweno . . . O, na Yun ay naroon, buweno, hindi natin gustong tanggaping Iyon. Kung minsan ang isang tunay na mainam na pagtuturo, kung minsan, ay yaong pagpipirasuhin tayo, na tila nililigalig ang balahibo natin nang kaunti, alam n'yo. Kung minsan natutulungan pa nga tayo nun. Alam n'yo na totoo 'yun. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Yun ang katotohanan, siyanga, po, isang bagay na tutulong sa atin, bagay na mabuti ang hatid sa atin.

166 Ngayon, si Elias nga'y nakarinig noon ng humahagibis na mga hangin, at alam niya na ang Diyos 'yun na nasa labas, o may bagay na nangyayari. Narinig niya 'yung pag-uulan, lahat. Pero ang umalarma sa kanya ay nang dumating ang Diyos sa munting payapang Tinig na 'yun. Nakita na niya noon ang Diyos na dumating sa ulan. Nakita na niya noon ang Diyos na dumating sa apoy, rin. Narinig niya ang mga hangin. At narinig niya ang ulan. Narinig niya ang apoy, at nakita niya ang apoy, at lahat ng ito. Pero siya nga'y naalarma nang dumating ang munting payapang Tinig na 'yun. Kaya nagsuklob siya ng talukbong sa kanyang mukha't pinuntahan niya. Oh, kapatid, 'yun nga 'yun.

167 Ang dapat nating gawin ay pakinggan nang malalim ang ating puso hanggang sa marinig natin ang Tinig ng Diyos, tapos puntahan 'yun, sampalatayanan na 'yun ay totoo. Siyanga, po.

168 Ako'y, hayan nga't iniisip ko, kapatid, kung bigo ba tayong napagkikilala, hanggang ngayon, ang Espiritu Santo na nasa kalagitnaan na pala natin. Iniisip ko nga kung ang mga tao sa ugali natin sa panahon ngayon, kung hindi kaya't bigo tayong makilala na ito ang Espiritu Santo. Kita n'yo?

169 Ngayon, alam ko, na marami sa inyo na mga baguhan, marahil, dito sa camp ngayong gabi, marahil may mga taong

namumuhay sa isang buhay na maging kayo'y ikinahihiya n'yo na ipamuhay, sa sarili n'yo. Marahil totoo 'yan. Pero, kapatid kong lalaki, kapatid na babae, hindi pa nila natatanggap 'yung bagay na sinasabi nila. Ganoon lang 'yun. Siyanga. Pero huwag n'yo silang husgahan sa batayan na 'yun.

170 Nung magpunta ako noon ng India, may isang lalaki dun na gustong patunayan sa akin na kaya niyang humiga sa ibabaw ng mga tusok. May isa na gustong lumakad sa apoy. Gusto niyang gawin ang lahat ng mga bagay na ito, para ipakita ang kaya niyang gawin, para sa baryang singko, o baryang diyes, o baryang sentimo, anuman ang ipalimos n'yo sa kanya. Pero, pakinggan n'yo, gumaganap lang siya ng isang bahagi ng isang pagkukunwari roon. Pero doon mismo sa kaloob-looban niya ay isang tapat na tao, na ginagawa 'yun, dahil akala nila sila'y nakapagbibigay-alay sa isang diyus-diyusan kung saan. Pero ang ginaganap lang niya ay bahagi ng isang nagkukunwari.

171 May ganoon din tayo. Ganoon mismo. May ilang mga kalalakihan, kababaihan, na sadyang. . . o naturingan lang, na nagpapanggap lang, umaakto lang na animo'y kamit nila ang Espiritu Santo, at dahil mismo na ang iba sa kanila'y ganoon na rin kasi.

172 Gaya ng naikuwento ko, nung isang gabi. Noong unang beses ko sa pulpito, ako'y—ako'y umakyat na roon, at akin—akin ngang pinapanood si Dr. Davis sa paraan ng pangangaral niya. At kakukuha ko lang noon ng lisensya ko na pang-exhorter, kaya umakyat na ako roon. Sa isip-isip ko, "Aba, alam mo? Kaya kong makapangaral tulad din nun."

173 Kaya umakyat na ako roon at inindayog ko 'yung mga bisig ko nang kagaya ng ginawa niya, at nagpatalon-talon nang *taas-baba* gaya ng ginawa niya, at walang humpay ako sa pagsasabi ng, "Hallelujah! Luwalhatiin ang Diyos!" At, "Hallelujah! Luwalhatiin ang Diyos!" At, "Hallelujah! Luwalhatiin ang Diyos!"

174 At pagkatapos, malalaman n'yo na lang, nung bumaba na ako mula roon, lahat ng matatandang babae'y lumapit sa akin at nagsabi, "Oh, kahanga-hanga, Billy!"

175 Pero si tandang Dr. Davis sa pagkakaupo niya roon, isang matandang abogado, alam n'yo naman, tumingin sa akin nang *paganoon*. Sabi ko, "Kumusta po 'yung pangangaral ko, Dr. Davis?"

176 Sabi, "Ang sama. Pinaka pangit sa lahat ng napakinggan ko." Oh, grabe, napanghinaan talaga ako ng loob! Sabi, "Gusto kong pumunta ka sa silid-aralan ko bukas ng hapon, alas dos."

Sabi ko, "Sige po, Dr. Davis."

177 Nagpunta na ako roon, talagang napanghihinaan ng loob, alam n'yo. Tumingin siya sa akin, sabi, "Sa palagay ko parang di mo ako mapapatawad, Billy."

Sabi ko, "Hindi naman po. Gusto ko lang pong malaman ang dahilan."

178 Sabi niya, "Nung unang beses ako sa propesyon ng pag-aabogado," sabi niya, "Pinapanood ko noon ang isang abogado. At di nga maikakaila na 'yun din ang ginawa mo: pinanood mo ako." Sabi niya, "Ang dahilan, napapansin kasi kita na ginagaya mo lang ang lahat mismo ng galaw ko."

179 Sabi niya, "Pero alam mo?" Sabi, "Ang dahilan kung bakit nasabi ko na 'pinaka pangit sa lahat ng napakinggan ko,'" sabi niya, "ay dahil hindi ka naglahad maski katiting na Salita ng Diyos. Paiyak-iyak ka lang, at napapasinghal, at talsik-laway, at kung anu-ano pa." Sabi, "Hindi ka nagbanggit ng kahit ano man patungkol sa Salita," ang sabi.

180 At pagkatapos ang sabi niya, "Tumayo nga ako noon at sinubukan kong itawid 'yun at iapela ang kaso na 'yun ng diborsyo. At sabi ko, 'Ang kaawa-awang munting babae na ito! Boo-hoo! Kaawa-awang munting babae! Boo-hoo!' Ganoon lang ako nang ganoon."

181 Tapos sabi, "Yung matandang abogado na nakaupo roon sa tapat haya't tumingin nang *paganoon*, nang halos kalahating oras, hanggang sa matapos ako sa pagkukumpas at pag-iyak, hanggang sa mawalan na ako ng boses, halos." Sabi, "Sabi ng matandang abogado, 'Huwes, Kagalang-galang. Gaano pa bang karaming walang kapararakang salita ang pahihintulutan dito ng korte?'"

182 Sabi ko, "Sabi ko. . .Nilapitan ko 'yung matandang abogado, at sinabi niya sa akin. Sabi niya, 'Alam mo ba kung ano? Panay ingay ka lang kasi at kung anu-ano pa. Ikaw—ikaw nama'y, ayos lang sana. Pero,' sabi, 'di mo inilalahad ang batas mismo. Kailangan kasi batas ang tatalo sa kaso.'"

183 Kapatid, 'yan din ang iniisip ko sa gabing ito. Ganoon din dapat ito, kapatid. Kahit na gaano pang karaming edukasyon, pagka-intelektuwal, at kung anu-ano pa na mayroon tayo, kailangan may kapangyarihan at pagpapamalas ng Espiritu Santo para patunayan na 'yun ay ang Diyos, na tutuwid sa inyong pamumuhay, na magpapamalas at ipamumuhay ang siya ring Buhay na ipinamuhay noon ni Jesus Cristo. Amen.

184 Nangako sa huling panahon na Kanyang. . . "Magliliwanag sa panahon ng gabi." Ipinangako 'yan ng propeta. Napapansin nga natin na ang liwanag sa batayang heograpiya ay sumisikat sa silangan at lumulubog sa kanluran. At ang siya ring araw na sumisikat sa silangan ay ang siya ring araw na lumulubog sa kanluran. Alam natin na totoo 'yan.

185 Ngayon, saan nagpasimula ang sibilisasyon? Sa silangan. Ganoon nga. Naglakbay 'yun kasama ng araw, at ngayon nasa Kanlurang Baybayin na. Yamang uusad pa ito, ito'y babalik nga sa silangan muli. Ang silangan at kanluran ay nagtagpo, sibilisasyon. Gusto nating pansinin n'yo ito pansumandali.

186 Ngayon, alalahanin n'yo, sinabi mismo ng propeta, "Magkakaroon ng araw na hindi maliwanag at hindi rin madilim, isang mapanglaw na araw. Pero sa panahon ng gabi, Magliliwanag." Ngayon pansinin. "Magliliwanag sa panahon ng gabi."

187 Ngayon, pinaaninag ng Anak ng Diyos ang Kanyang katuwiran at kapangyarihan sa mga taga-silangan mga labing-siyam na raang taon ang nakararaan. At dumating ang isang espasyo ng panahon na nagkaroon tayo ng intelektuwal na mga pagtuturo. Nagtamasa tayo ng napaka inam na panahon. Tayo nga'y nagsipagtatag ng mga organisasyon. Marami tayong nagawa na malalaki, na mainam naman. Pero mapanglaw na araw.

188 Sa palagay ko wala kayo nun dito sa Phoenix, pero sa silangan mayroon kami, na medyo maulap, kaunti lang ang liwanag para makagalaw-galaw; mangyari nga na ang araw ay di sumisinag. Sa ibang dako marahil sumisinag, dahil kung inyong . . . Hindi maituturing na liwanag kung di sumisinag. Pero hindi nga 'yun mainam na liwanag ng araw. Pero pagsapit nga ng panahon ng gabi, mahahawi ang mga ulap, at ang siya ring araw na sumikat sa silangan ay sisikat sa kanluran.

189 Pagkatapos ang siya ring Jesus, ang siya ring Espiritu Santo na bumaba sa mga taga-silangan, ay bumaba na mismo't dumaan sa panahon ng organisasyon, at bumaba rito sa huling mga araw, para pasinagin ang Liwanag sa kanlurang dako. Ito nga'y ang siya ring Jesus, ang siya ring 'yun, siya ring Isa na 'yun na umiibig.

190 Narito Siya sa gabing ito sa anyo ng Espiritu Santo. Sa pagdating! Siya'y—Siya'y di-nagbabagong Diyos. Hindi Siya maaaring magbago. Hindi. Dumarating Siya sa mga paraang di-inaasahan, nagpapamalas ng mga kababalaghan, ibang mga pamamaraan, ang mga kababalaghan Niya na ipinamamalas. Mahiwagang pamamaraan, ang ibig kong sabihin, na mga kababalaghan Niya na ipinamamalas.

191 Pero alalahanin n'yo, sinabi ni Jesus, "Kung papaano sa mga araw ng Sodoma, ay gayundin sa pagparito ng Anak ng tao." Hindi nga 'yan mapapasubalian, na anupa't sinabi Niya, "Kung papaano noon sa Sodoma." Ngayon, sa Sodoma, 'yun nga'y noong panahon bago bumaba ang apoy at tupukin ang Sodoma't Gomorra. At ngayon narito na tayo sa panahon mismo bago tumiktak sa oras ng hatinggabi, para sa ikalawang Pagparito ni Cristo, at ang sanlibutan ay wawasakin ng apoy.

192 Anong nangyari? May tatlong uri ng mga tao nung panahon na 'yun, at may tatlong uri ng tao sa panahon ngayon. Ang una, ay yaong mga Sodomita; ang sanlibutan. Naroon din si Lot at ang kanyang sambahayan; ang iglesya, pormal, intelektuwal na uri. At naroon si Abraham at kanyang grupo; si Abraham at ang kanyang grupo, na naroon sa isang dako, ang Hirang at tinawag-palabas na Iglesya.

193 Alalahanin n'yo, ngayon, may tatlong grupo ng tao. Ang mga Sodomita; makasalanang, masamang sanlibutan gaya sa panahon ngayon. Naroon ang kaanib sa iglesya, maligamgam, malamig; si Lot, ang kanyang grupo. Naroon si Abraham, ang tinawag palabas mula roon, at naroon sa dako rito sa ilang, na binabata ang mahihirap na bagay. Tama. At ang Panginoon ay bumaba sa anyo ng isang Tao, ang Tagapagsalita nila sa tatlong Anghel na ito na nakatayo roon.

194 Ngayon, may nagtanong sa akin, ang sabi, "Kapatid na Branham, ang ibig mo bang sabihin naniniwala ka na 'yun ang Diyos?"

195 Sabi ko, "Ang Diyos naman talaga 'yun. Dahil, ngayon, pakinggan n'yo. Tinawag Siya ni Abraham na, malaking letra na P-a-n-g-i-n-o-o-n. At alam ng sinumang iskolar na ang malaking letra na P-a-n-g-i-n-o-o-n ay Elohim, na ang Diyos nga."

196 Ang sabi niya, "Buweno, papaano Siya magiging . . . " Sabi ko . . . Sabi niya, "Diyos, na kumakain?"

197 Ang sabi ko, "Oo." Sabi ko, "Umabot ang Diyos sa dako roon at kumuha ng sandakot na—na kosmikong liwanag, at kung ano pa na pinaglakip-lakip Niya, at ilang petrolyo, at kosmikong liwanag, at—at ilang calcium, at potash. Sabi Niya, 'Whew! Humakbang ka riyan, Gabriel. Whew! Humakbang ka riyan, Miguel.' At humakbang din doon, Siya Mismo."

198 Siya ay Diyos. Nabigo lang kayo na makita kung Sino Siya. Siya'y ang di-nagbabagong Diyos. Ikinagagalak ko na kamit ko ang pananampalataya sa Kanya sa gabing ito, na balang araw kapag ang buhay ko, ang katawan ko na binubuo ng labing-anim na elementong sangkap ay babalik na sa alabok ng lupa. Pero sasabihin Niya, "William Branham," at ako'y lilitaw. Kanyang hihingahan 'yun ng hininga ng buhay, sasabihin, "Heto ka na." Hindi na Niya padadaanin sa pagpapanganak—pagpapanganak sa pamamagitan ng aking nanay, at kung ano pa.

199 Katulad ni Jesus, sa una Niyang himala, ginawa Niya ang tubig na maging alak. Kung tutuusin puwedeng iproseso ang tubig na maging alak 'yun, pero nilagpasan Niya ang lahat ng mga hakbang, at sabi, "Maging alak ang tubig."

200 Sa araw ng pagkabuhay na mag-uli, hindi Niya sasabihin, "G. at Gng. Branham magpakasal uli kayo at ipanganak n'yo si

William." Bibigkasin lamang Niya, at ako'y lilitaw. Amen. Siya nga 'yun. Siya'y Diyos.

201 Tunay, na ginawa Niya. Lumakad dun sa harap ni Abraham. Ngayon, masdan n'yo kung anong ginawa Niya.

202 Alalahanin n'yo, patungo Sila roon, dalawa sa mga Anghel na 'yun ang nagtungo at nangaral sa Sodoma. Tama po ba? Nagkaroon sila ng pagtitipon dun. Pero anong ginawa Nila? Hindi sila nagpamalas ng maraming mga himala, pero ano nga ang ginawa Nila? Kanilang binulag ang mga Sodomita.

203 At ngayon may ganoon din tayong mga anghel na nangangaral sa iglesyang pormal sa panahon ngayon: isang Billy Graham, at iba pa. At ano ang nagbulag sa mundo? Ang Salita. At ang pangangaral ng Salita, 'yun ang bumubulag sa di-mananampalataya.

204 Pero masdan n'yo nga itong Hinirang, na tinawag-palabas na Iglesya, itong Anghel na nangusap doon kay Abraham.

205 Siya, ngayon alalahanin n'yo, na ang pangalan niya dati ay Abram mga ilang araw pa lang ang nakararaan. At ang pangalan ng kanyang asawa ay Sarai dati, S-a-r-r-a. Pero, siya, kinatagpo ng Diyos si Abraham sa anyo ng Espiritu, at pinalitan ang kanyang pangalan mula Abram naging Abraham, mula Sarai naging Sarah.

206 At ngayon masdan n'yo ang Anghel na ito, na may alikabok sa Kanyang mga damit, at sabi Niya, "Abraham, nasaan ang iyong asawang, si Sarah?"

207 Iniisip ko nga. Marahil sinabi ni Abraham, "Tama pala ang pangunguna sa akin—sa akin. May naramdaman kasi akong isang bagay. Ang Tao na ito'y talagang iba."

Sabi niya—sabi niya, "Nariyan siya sa tolda sa likuran Mo."

208 Papaano Niya nalaman na may asawa siya? Papaano Niya nalaman na ang kanyang pangalan ay napalitan? Papaano Niya nalaman 'yun, ang asawa, na naroon sa kalagayang 'yun? Sabi, "Aking dadalawin kayo sa panahon ng buhay." Papaano Niya nalaman na may asawa si Abraham? Kita n'yo? "Nasaan ang asawa mong, si Sarah?"

209 Sabi Niya, ngayon masdan n'yo, "Aking," isang panghalip panao, "Aking dadalawin kayo sa panahon ng buhay." Nakita n'yo kung Sino ito. Kita n'yo? Nakita n'yo kung Sino ito. At sabi Niya—sabi Niya . . .

210 At si Sarah, sa loob ng tolda, sabi, "Papaano pa kaya ako?" Tumawa siya. Sa madaling sabi, napahagikgik, alam n'yo, sa sarili niya, sabi, "Ngayon kung titingnan. Papaano pa nga ako makalulugod muli?"

211 Si Abraham ay sandaang taong gulang na, at malinaw mismo na sinasabi 'yan ng Biblia, na kapwa sila matanda na't may

edad na. At kung papaano nga na si Sarah ay matagal nang napaglipasan ng panahon. Si Abraham, ang katawan nga niya'y mistulang patay na. At ang sinapupunan naman ni Sarah ay tuyo't patay na, nang maraming taon.

212 "Aking dadalawin kayo sa buhay, panahon ng buhay, at kayo'y magsisilang ng isang sanggol na ito."

213 Ngayon pansinin, bago magtapos. Haya't tumawa si Sarah, sabi, "Papaano 'yun mangyayari? Ako, at sa ganitong katanda ko na, makalulugod pa muli, at ang panginoon ko rin." Ngayon pansinin, munting "p" 'yung naroon, "panginoon," si Abraham. "Siya'y yamang matanda na, rin."

At sabi ng Anghel, "Bakit tumawa si Sarah?" Oh, grabe!

214 Ngayon, alalahanin n'yo, sabi ni Jesus, "Kung papaano sa mga araw ni Noe, at sa mga araw ng Sodoma, ay gayundin sa pagparito ng Anak ng tao."

215 Ano 'yun? Ang Diyos 'yun, ang Espiritu Santo, na nananahan sa katawang-tao, sa mga pinaging banal na mga sisidlan na ito na nilinis ng Dugo ng Anak ng Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya; at ang Diyos ay nananahan sa mga sisidlan na ito, na ipinamamalas at ginagawa ang mga gawa ni Jesus Cristo, ipinapakita na Siya ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kung nabautismuhan tayo sa pamamgitan ng Espiritu Santo patungo sa Katawan, kung ganoon tayo'y nagiging ang Katawan ni Cristo. Kung ganoon tayo'y nasa pagkabuhay na mag-uli kasama Siya. Nung Siya'y nagbangon, tayo'y nagbangon din sa pagkabuhay na mag-uli kasama Siya. Dahil, Siya ang Ulo, at ang Ulo at ang Katawan ay magkalakip. Kaya, ngayon, si Cristo ay nasa Iglesya, sa inyo, at maging ang mga gawa Niya na minsan Niyang ginawa noon. San Juan 14:12, "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya." Siyanga. Mga Hebreo 13:8, "Si Jesus Cristo'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Nakikita n'yo roon?

216 Hindi inasahan ng mga tao na magiging sa ganoong paraan. Ang inaasahan nila sa ati'y sangkumpol lamang ng mga taong di nakapag-aral, na di alam kung anong pinagsasasabi. Ang tingin nila'y sangkumpol lang ang mga ito ng mga mangmang. Pero tayo—tayo marahil ay ganoon nga, sa pananaw na sinasabi nila.

217 Pero tinanggap natin ang Espiritu Santo sa paraan ng pagkabuhos Dito ng Diyos, at nakuha ang siya ring resulta na nakamit nila noon dun, kaya patunay 'yan na Siya nga mismo. Siya'y di-nagbabagong Diyos. Nakamit natin ang siya ring mga resulta. Amen.

218 Ang sarili kong nanay nung naghihingalo na siya, sabi niya, "Billy, ikaw nga'y noon pa man . . . " Binautismuhan ko siya maraming taon na ang nakalipas. Sabi niya, "Ikaw nga'y noon pa man ay animo'y espirituwal na patnubay sa akin, Billy."

Sabi ko, "Nanay. . ."

219 Alam n'yo, ang angkan namin ay Katoliko. At sabi ko. . . Nung unang beses na nalaman ko na ang Diyos ay Diyos, mangyari nga na alam ko na 'yun buong buhay ko, mula nung batang paslit pa lang ako, pero ang pamilya ko nga noon ay di dumadalo sa simbahan. At may pinuntahan nga ako't nakausap na pari, at sabi niya, "*Ito* ang iglesya. *Ito* ang daan."

Sabi ko, "Buweno, ang Biblia? Maaari ko bang. . .?"

220 Sabi, "Ngayon, malilito ka lang. Kita mo? *Ito* ang iglesya. Ang Diyos ay nasa Kanyang iglesya. Kinakailangan mong panaligan ang simbahan."

221 Buweno, nung nagpunta naman ako sa mga Lutheran, at sabi nila, "Kami ang iglesya. Kami ang katawan ng mga mananampalataya."

222 Nagtungo naman sa Methodist. Sabi nila, "Kami ang katawan ng mga mananampalataya."

223 Nagtungo ako sa Baptist. Sabi nila, "Hindi, mali sila. Kami 'yung tama."

224 Sa isip-isip ko, "Anong nangyayari rito? Ang iglesya ay isang katawan na binubuo ng mga tao. At sinasabi ng isang *ito* na *ganito* raw. Sinasabi ng isang *ito* na *ganito* raw. At *ganito* raw, at *ganoon* daw, at *ganoon* daw. Mayroon sa kanila na mali kung ganoon."

225 Kaya ang sabi ko, "Bumaling ako pabalik sa Biblia mismo, mama, at binasa ko nang eksakto kung ano ang ginawa ng unang iglesya. At 'yung pamamaraan ng paggawa nila noon, ganun ko rin ito ginawa, siyanga, at nakamit ang siya ring mga resulta." Sabi ko, "Purihin ang Diyos. Sapat na 'yun para sa akin."

226 Hangga't nakukuha ko ang siya ring resulta, nakikita ko ang siya ring Jesus. Nakikita ko ang siya ring Diyos na kumilos sa Lumang Tipan, sa Bagong Tipan, doon sa panahon bago ang konsehong Nicea. Kumilos Siya roon hanggang sa dumating ang iglesyang Romano Katoliko na tumanggap ng mga dogma sa halip na Biblia, tumugaygay sa madidilim na kapanahunan, at bumaling muli kina Luther, Wesley, at nagpatuloy rito sa kapanahunan ng iglesyang Laodicea. "At Magliliwanag sa panahon ng gabi." Hahatak ang Diyos ng isang Iglesya gaya ng kung gaanong kasigurado na nakatayo ako rito. Magkakaroon nga. At yamang nakikita ang siya ring Espiritu Santo, sa pamamagitan ng siya ring mga pangako, na ginagawa ang siya ring mga gawa at siya ring mga bagay, pagpalain nga ang Pangalan ng Panginoon.

227 Ipagkakaloob sa inyo ng di-nagbabagong Diyos ang siya ring Espiritu Santo na ipinagkaloob Niya sa kanila noon, nang walang nabago maski isa. Ipagkakaloob sa inyo ng di-nagbabagong Diyos ang siya ring Espiritu Santo na

ipinagkaloob Niya sa kanila noon, nang walang nabago maski isa. Kung kamit n'yo na ang Espiritu Santo, panghawakan n'yo Ito nang mainam gaya ng ginawa noon ni Jacob, at kumapit kayo roon hanggang sa ang positibong mga resulta ay dumating. Amen. Inyo ngang sampalatayanan, mga kaibigan.

228 At sa di-inaasahang panahon, at marahil sa di-inaasahang lugar. Mangyari nga na kung gagawin Niya 'yun sa isang lugar na di-inaasahan, gaano pa kaya na gagawin Niya ito ngayong gabi sa isang inaasahang dako, kung saan umaasa tayo rito na makita itong mangyari?

Iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali.

229 Habang nakayuko ang inyong mga ulo, at nagtitiwala ako na ang inyong mga puso ay nakayuko, rin. Pasensya na po kung pinanatili ko kayo nang matagal sa dapat kong pananatili sa inyo, hanggang alas nuwebe. Pero gusto ko ngang tanungin kayo ng katanungan na ito: Alam n'yo, marahil di na tayo magkita pang muli. Marahil marami sa atin ang di na dadatnan ng liwanag ng kinaumagahan. At kung mangyari nga, na di na tayo makasisilay pa ng panibagong pagbubuka ng umaga, tayo ba'y maaaring magtagpo-tagpo roon sa kabilang ibayo ng ilog? Mayroon kayang . . . Natanggap n'yo na ba ang kapayapaan at ang . . . sa inyong puso, at ang katiyakan, isang katiyakan na nakabatay sa Kasulatan sa mga taong ito na napangusapan ko sa gabing ito, na kung kakatagpuin n'yo ang Diyos, mayroon na ba kayong batay sa Kasulatan na karanasan? Na binago na ng Diyos ang inyong pamumuhay nang buong-buo, at ngayon kayo nga'y tao na di na katulad ng dati, na kinukumpuni-kumpuni lang, pinakinis-kinis lang, kundi kayo'y talagang mga bagong nilalang na, isa nang bagong nilalang kay Cristo? Kung di pa kayo ganoon . . .

230 Wala po tayong dako rito na matatayuan sa may altar, o espasyo. Pero nais kong alamin ang inyong katapatan. Kung nag-aasam kayo na ako'y manalangin para sa inyo rito, mula sa pulpito, yamang nalalaman na darating ang araw na kayo'y kakatagpuin muli at haharapin ko ang mga salita na sinabi ko sa gabing ito, maaari po ba kayo, nang may . . . ang lahat na nakayuko ang kanilang mga ulo at nakapikit ang mga mata, inyo bang maitataas ang inyong kamay at bilang pahiwatig, sa pamamagitan n'yan na, "Ipanalangin mo po ako, kapatid, na ako'y—ako'y nagnanais na maging ganoon?"

231 Pagpalain ka ng Diyos, at pagpalain ka. Pagpalain ka, kabataang babae. Pagpalain ka ng Diyos. Sa mga nasa labas, sa lahat ng dako, itaas n'yo ang inyong mga kamay sa may bintana, saan man. Magpapala ang Diyos.

232 Itaas n'yo lang ang inyong mga kamay, nang may malalim na sinseridad, at sabihin, "Diyos, Ikaw po'y mahabag sa akin.

Nagnanais ako—ako na maging ganoon, Kapatid na Branham, pero sa kung anong kadahilanan, hindi ko pa naabot."

233 Oh, kalugud-lugod na kaibigan, magagawa n'yo na bang manghawakan? Paniwalaan n'yo ako, bilang Kanyang lingkod. Ang Espiritu Santo'y tama. Huwag n'yong hahayaan na kayo'y makumbinsi na lumayo mula Rito. Humawak kayo sa kamay ng Diyos na di-nagbabago, kaibigan na Cristiano. Kung kayo'y ngayon pa lang nakasasama sa iglesya, kung kayo'y ngayon pa lang nababautismuhan sa tubig, at hindi pa nababautismuhan sa Espiritu Santo, hindi pa kayo aktuwal na napagbabago.

234 Ngayon, sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, ako'y—ako'y nakapagsasalita sa mga wika, nagagawa ko—nagagawa ko 'yung *ganito*, o nagagawa 'yung *ganoon*." Ngayon, ako man ay naniniwala rin diyan. Sinabi ko na sa inyo noon. Pero, alalahanin n'yo, makasasayaw kayo sa Espiritu. Makasasalita kayo sa iba't ibang wika.

235 Nasaksihan ko na noon ang mga Hindu na kayang gawin din 'yan. Nakakita na ako ng mga albularyo na nakapagsasalita sa iba't ibang wika, naipapaliwanag pa 'yun. At narinig ko na noon mismo. Nagtungo ako roon sa isang kampamento isang beses, kung saan may ilang mga kapatid na nagtungo roon, at nakita ko 'yung mismong lamesa na tumutuktok sa iba't ibang wika, at may lapis doon na basta na lang at magsusulat sa di kilalang wika; babasahin ng mga tao roon. Kita n'yo? Lahat ng mga bagay na 'yun, 'yun nga'y, ang diyablo.

236 Pero, kapatid, kung tunay na nakapagsasalita ka sa iba't ibang wika, at patuloy mo pa ring ipinamumuhay 'yung buhay na dati mong pamumuhay, kung ganoon ay may kung anong mali sa iyong karanasan. Kita n'yo? Kung mayroon kayo nun, na ang tangi lamang na pinananaligan n'yo ay ang pagsasalita sa iba't ibang wika, huwag n'yo na lang ipilit. Mapapadpad kayo sa hulugan, at ang bangka ay hindi-hindi makatitindig para dun. Pero kung may . . .

237 "Kahit maging ang mga wika ay matitigil. Maging ang mga hula ay mabibigo. Subalit kung dumating na ang sakdal," oh, ang pag-ibig na 'yun ng Diyos, na kay yaman at dalisay, na di maarok at malakas, kung ganoon ang iba pang mga kaloob na ito ay kikilos nang tama kalakip nun. Kita n'yo? Yang mga kaloob na 'yan ng Espiritu Santo'y ipinagkaloob sa inyo, ang pagsasalita sa iba't ibang wika, pagpropropesiya, at kung ano pa, pagbibigay ng salin. Yun ay para pagtibayin ang Iglesya, para sa ikatitibay ng Katawan. Pero unang-una'y tanggapin ang Espiritu Santo, nang sa gayon makita n'yo ang buhay n'yo na mabago.

238 Ngayon, may nasa walo o sampung kamay ang nagsitaas mula nang nagsasalita ako. Mayroon pa po bang iba bago ako maghandog ng panalangin? Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Buweno, pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Mayroon pa

po bang iba? Itaas n'yo lang ang inyong kamay, sabihin, nang may malalim na sinseridad, "Kapatid na Branham, ako po'y alalahanin n'yo." Pagpalain ka riyan, kapatid na lalaki. Mayroon pa po ba? Sabihin n'yo lang, "Ipanalangin n'yo po ako." Ang magagawa ko lamang ay manalangin para sa inyo, kaibigan ko. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. At pagpalain ka ng Diyos diyan, kapatid na babae. Ngayon, nakikita Niya ang inyong kamay.

239 Alalahanin n'yo, sabi ni Jesus, "Ang dumirinig ng Aking mga Salita, sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan, at di madadako sa kahatulan bagkus ay lumipat na mula kamatayan patungong Buhay." Kailangan nating sampalatayanan 'yan nang buong puso natin. Sampalatayanan lamang nang buong nasa sa inyo, at Diyos na ang bahala sa lahat pa.

240 Makalangit na Ama, amin pong itinatagubilin ang munting mga tagapakinig na ito. Ito pong putol-putol, na nangangatal na mga binigkas na salita sa gabing ito, Panginoon, sa aking pagkakatayo rito na may malasakit sa mga taong nakatayo riyan, at ang kanilang mga braso ay nangangalay. Diyos, akin pong hinihiling ang kanilang kaluluwa. Sa pinaka mainam na nalalaman ko kung paano, Panginoon, na ipaabot ang Salita, sa aking aba't mababang pamamaraan, na sa kung anong munting binhi na naroon, Ama, maihasik nawa sa mga puso ng mga taong ito. At hinihiling ko ang kanilang kaluluwa, na ito'y di mapunta sa kapahamakan, bagkus ay lilitaw sa ibayo sa araw na 'yun ng pagkabuhay na mag-uli. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

241 Ikaw ay Diyos. Walang ibang Diyos kundi Ikaw lamang. Ang mga pagano'y may mga ima-imahe. Kami nama'y may buhay na Diyos, ang nag-iisang tunay na buhay na Diyos. Amin pong nabubulay Ka, Ama, na nakaupo roon sa ibayo ng Walang Hanggan, na milyong makaulit na mas maliwanag kaysa sa sampung bilyong araw. Oh Diyos, Ikaw po'y magliwanag! Ikaw Na nakagagawa ng mga daigdig, naglagay ng malaking solar system sa himpapawid, at—at pagkatapos ay bumaba para iligtas ang makasalanan, anupa't interesado na maparito sa munting tabernakulo na ito ngayong gabi kasama ang mga Cristianong ito. Sapagkat, ibinigay sa amin ni Jesus ang Salita, na, "Kung saan ang dalawa o tatlo ay magkatipon sa Aking Pangalan, Ako'y paroroon sa kalagitnaan nila."

242 Ngayon, Iyo pong iligtas ang mga taong ito, Ama. Yun lang ang lahat ng nalalaman ko na hihilingin sa Iyo, at naniniwala ako na Iyong tutugunin ang panalangin ko. At idinadalangin ko na bukas ay paririto sila sa simbahan, at handang-handa para mabautismuhan, maski sa gabing ito na, kung sila'y hindi pa nababautismuhan. Dalangin ko na Iyong puspusin sila ng Espiritu Santo. Iyong itulot na sila'y manghawakan sa tunay na Katotohanang ito ng Diyos hanggang sa sila'y palayain na ng kamatayan. Sa Pangalan ni Jesus aking idinadalangin. Amen.

243 Ngayon, mga tagapakinig, nais kong tanungin kayo ng isang tanong, nang may pagpipitagan, nang may kabanalan. Sa kaunting sandali magtatapos na tayo. Gaya ng sabi ko, baka di na tayo magkikita uli. Umaasa ako na magkita-kita tayo uli. Pero alalahanin n'yo, magsusulit nga tayo para sa gabing ito, sa pagsapit natin dun sa Paghuhukom. Ako'y magsusulit sa bagay na ipinangusap ko, sa bagay na ginawa ko. Ang lahat ng 'yun ay ipagsusulit, sa Diyos. At kung—kung ako'y matagpuang may sala, alam n'yo kung anong mangyayari sa akin. Mas pipiliin ko pang mamatay na isang makasalanan, haya't huwag lang akong hayaan na mamatay na isang manloloko. Ibunsod nawa ako na maging totoo, tapat.

244 Ngayon, tingnan n'yo. Kung si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. . . At idinadalangin ko ito. Ngayon, di ko alam kung pahihintulutan Niya. Dahil, heto ang munting grupo lamang ng mga tagapakinig. . . At may mga taong nakatayo, at hapit na sa oras. Lagpas-lagpas na nga ako sa oras. Medyo mahirap na magpapila para sa pananalangin dito, pero ako lamang ay mananalangin para sa inyo na mga narito na nakikinig. Pero itulot. . . Idinadalangin ko na ang Diyos ay magkaloob sa inyo ng isang bagay na mahahawakan n'yo ng inyong mga kamay, gaya noon kay Jacob; na hindi n'yo pa nagawa noon, kita n'yo, isang bagay na mahahawakan n'yo ng inyong mga kamay.

245 Ngayon, sa inyo riyan na mga nagdudusa, ipinangusap ko sa inyo ang tungkol sa isang Anghel na bumaba, ang Diyos nga na nahayag sa katawang-tao, na Siya nga'y nahahayag sa atin kung tayo'y mga mananampalataya. At mangyari nga na nung ibinaling Niya ang Kanyang likod, si Sarah. . . Kanyang natalos ang sinasabi at ginawa ni Sarah sa kinaroroonan niya.

246 Pagkatapos isang beses, para mas maliwanag ito sa inyo, hayan nga na dumaan Siya sa isang—isang kalipunan ng mga tao, at may munting babae roon na marahil ay dismayado gaya ng iba rito.

247 Madalas kasi tayo. . . Kagabi medyo nagkaroon tayo ng kaunting aberya. At napakarami ng ipinanalangin, may lalaki tayo riyan na namigay ng mga prayer card habang nangangaral ako. At kaya may mga sandali na palakad-lakad sila nang paroo't parito, at paroo't parito. At gusto n'yo ring dumalo lahat sa Sunday school. May nagsabi sa akin dun sa labas, sabi, "Magpalabas ka nang maaga, dahil ang mga tao'y kailangan pang magmaneho nang malayo at makabalik para sa Sunday school."

248 Gusto kong tuparin ang pangako na 'yan. Sabi ko, "Sige po gagawin ko. Gagawin ko." Kita n'yo? At gusto kong—gusto ko na kayo'y manghawakan. Kung. . .

249 Ang mahalagang bagay, ay, manghawakan sa isang bagay na totoo. Ilan ang nananampalataya na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman?

250 Kaya naman, kung—kung sasabihin ko sa inyo na ang espiritu ni John Dillinger ay lumukob sa akin, ako'y magiging isang mapanganib na tao na makakasa-kasama. May mga baril ako at magiging isang bandido. Kung sasabihin ko sa inyo na ang espiritu ng—ng isang bantog na pintor ay lulukob sa akin, aasahan n'yo na magpipinta ako ng larawan gaya ng gagawin ng pintor na 'yun. Kung sasabihin ko na ang espiritu ni—ni—ni Houdini, na isang bihasa sa patakas-takas, aasahan n'yo nga na ang gagawin ko'y mga bagay na ginawa niya. Kung sasabihin ko sa inyo na ang lumukob sa akin ay espiritu ng kung sinong bantog na musikero, aasahan n'yo ako na pipindot ako sa mga tikladong 'yun sa kung anong paraan, dahil ang espiritu niya ay nasa akin. Kita n'yo?

251 Kung sasabihin ko sa inyo na ang Espiritu ni Cristo ay nasa akin, kung ganoon ay gagawin ko ang mga gawa ni Cristo. Sinabi ni Cristo na ang Diyos ay nasa Kanya. "Ang Diyos ay nakay Cristo, ipinagkakasundo ang sanlibutan sa Kanyang Sarili." Alam nating lahat 'yan, na kinatawan ng Diyos ang Kanyang Sarili kay Cristo, para ipagkasundo ang sanlibutan sa Kanyang Sarili. Siya si Immanuel. Sinabi ni Jesus, "Hindi Ako ito na gumagawa ng mga gawa. Ang Ama Ko ito na nananahan sa Akin, Siya ang gumagawa ng mga gawa."

252 At sa paglalakad Niya na mapadaan lang, na kamit ang siya ring Espiritu na nasa Kanya, isang munting babae ang humipo sa laylayan ng damit Niya. Ngayon, hindi Niya 'yun naramdaman, nang pisikal na nadama. Alam n'yo na di Niya talaga mararamdamam 'yun. Tunay nga na hindi. Dahil, ang damit noon sa Palestina, kung may nakakaalam, may damit pa 'yun sa ilalim, at isang maluwag na damit 'yun na nakalaylay nang *paganoon*. Kaya hindi Niya mahihipo . . . Kanyang . . . Di magagawa nung babae . . . Di Niya 'yun mararamdaman, haya't nakapalibot pa ang lahat sa Kanya. Pero hinipo ng babae ang Kanyang damit sa pamamagitan ng pananampalataya.

253 Hinipo ni bulag na Bartimeo ang Kanyang damit isang araw, doon sa may pintuang-bayan, dahil hindi nga maririnig ni Jesus 'yung pagsusumamo na 'yun nang ganoon-ganoon lang.

254 May iba roon na nagsasabi, "Hoy, Ikaw, bangunin mo ang mga patay. May buong libingan na punung-puno nila rito. Halika, gawin Mo," at nililibak Siya. At ang mga saserdote at lahat sinasabi rin, "Halika, gawin mo *ito*, at gawin mo *'yun*." Hindi Siya umimik maski isang salita.

Pero 'yung bulag na pulubi, "Oh Diyos!"

At huminto si Jesus. "Dalhin n'yo siya rito." Kita n'yo? Kita n'yo?

255 Nakita nung munting babae na ’yun na di niya makukuha kahit anong gawin niya ang Kanyang pansin, dahil sa mga rabi at mga saserdote at lahat ng tao na nakapaligid sa Kanya, at lahat. At kaya hinipo ng babae ang Kanyang damit. At si Jesus ay napahinto, nagsabi, “Sinong humipo sa Akin?”

256 At si Pedro’y para bang pinagsabihan Siya, ang sabi, “Sino po ang ‘humipo’ sa Iyo? Ang lahat po nama’y napapadikit sa Iyo. Bakit Ka po magkokomento ng ganoon?”

257 Sabi Niya, “Pero napagtanto ko na mayroong bisa, lakas na nawala sa Akin. May isa na kakaiba ang hipo.”

258 Tapos tumanaw Siya sa mga naroon hanggang sa makita Niya ang munting babae. At ano ang suliranin niya? Nag-aagas siya ng dugo. At kung may sapat siyang pananampalataya para hipuin ang Diyos, na nagbunsod ng ganoong reaksyon kay Jesus. At kaya naman kung si Cristo ay nasa atin, pinahiran ng Espiritu Santo, hindi ba’t ang siya ring pag-aasam n’yo ay hihipo nang katulad din nun?

259 Ngayon, gusto kong tanungin kayo na mga ministro ng isang bagay. Sinabi ng Biblia, na, “si Jesus Cristo’y Dakilang Saserdote, ngayon mismo, na maaaring mahipo’t mahabag sa ating kahinaan”? Tama ba? Ilan ang nakakaalam na ’yan nga’y katotohanan? Sinabi ng Biblia ’yan, sa Bagong Tipan. “Siya ngayon mismo ang Dakilang Saserdote na maaaring mahipo mahabag sa” ano “ating kahinaan.”

260 Buweno, kung ganoon, papaano n’yo malalaman na nahipo n’yo na Siya? Kung Siya’y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman, kikilos at kikilos Siya nang pareho gaya ng ginawa Niya kahapon. Tama ba?

261 Buweno, ngayon, wala Siyang mga kamay sa lupa kundi ang akin at ang inyo. Ang tinig Niya sa lupa ay itong atin; ang ating tinig ay ibinibigay sa Kanya. Yan ang dahilan kung bakit ipinapangaral natin ang Ebanghelyo. Naniniwala tayo na hindi tayo ito. Kinasihan tayo para ipangaral ang mga bagay na ito, haya’t ang Espiritu Santo’y nagsasalita sa pamamagitan natin. Kita n’yo? Hindi tayo naniniwala na kaya nating gawin ’yan sa sarili natin. Tunay ngang hindi. Alam ko hindi ko kaya. At—at alam natin—alam natin na pagkakasi ’yan ng Espiritu Santo.

262 Kaya naman kung ang isang tao’y mangangaral ng isang bagay na taliwas, na tinatanggihan ang Salita; kung ganoon papaanong isinulat ng Espiritu Santo ang Salita, at babaling, na tatanggihan Ito sa pamamagitan ng isang tao? Hindi ’yan maaaring gawin ng Espiritu Santo. Kinakailangan na ang Salita mismo. Kinakailangan na mahayag Ito sa paraan ng pagkakasulat dito, nang sakto mismo.

263 Ngayon, kung “Siya’y ang Dakilang Saserdote.” Atin lang paglagakan ang isang Kasulatan na ’yan, pagtuunan lang natin. Kung Siya’y Dakilang Saserdote na maaaring mahipo mahabag

sa ating kahinaan, kung ganoon ay may nag-iisang paraan lang para malaman natin, tunay Siya ay. . . Yamang Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, kikilos at kikilos Siya nang eksakto gaya ng ginawa Niya noon nung hipuin Siya nung babae.

264 At kaya naman kung ako'y lingkod Niya, at ang Kanyang Espiritu ay sumasa akin, mahihipo n'yo ang Kanyang damit saan man kayo naroon. Walang kinalaman. . .

265 Walang kinalaman itong damit ko. Ako'y isang tao, isang makasalanan na naligtas sa pamamagitan ng biyaya. Anupa't di ako kaiba sa inyong asawang babae, inyong asawang lalaki, o kapatid na lalaki, sinupaman, inyong pastor. Lahat tayo, tayo po'y pare-pareho. Pero Siya ang Dakilang Saserdote. Hindi ako ang Dakilang Saserdote. Siya.

266 Hipuin n'yo man ako ay walang magiging pakinabang; pero ang hipuin Siya 'yun ang magbubunsod. Pero kung akin lang maipapasakop ang aking sarili sa Kanya. . . Ako po'y katulad lang nitong—nitong mikropono rito. Itong mikropono ay lubos na walang lalabas na tunog hanggang sa may magsalita rito. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Tama po."—Pat.]

267 Buweno, heto nga, wala akong kakilala ni isa sa inyo riyan. At kung makita ko Ito sa ibabaw ng ilan sa inyo na kakilala ko na, di po ako magsasabi ng anuman. Ang kilala ko rito'y si Kapatid na lalaki at Kapatid na babaing Dauch na nakaupo riyan. At sa palagay ko heto rin ang munting Griyegong kapatid na lalaki na taga-Gresya, di ko lang—di ko lang maisip ang pangalan niya, David. At liban sa kanila, sa palagay ko ito 'yung. . . itong mga narito, dito, itong tatlo o apat na babae sa may unahang hilera, kilala ko sila, dahil sila'y taga-Georgia at taga-Tennessee. Sila po'y dumadalo sa simbahan ko. Ang ilan po sa kanila'y labing-limang daang milya ang minamaneho kapag Linggo, tuwing Linggo na nangangaral ako. Maliban sa kanila, sa palagay ko si Kapatid na babaing Evans 'yang nakaupo riyan, at Kapatid na babaing Ungren at sila, Kapatid na Evans, na nakaupo sa banda *riyan*.

268 Ngayon tatanungin ko kayo na mga narito. Ilan ang narito na may sakit, at alam na di ko kayo kakilala, na wala akong nalalaman na anuman tungkol sa inyo? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Manampalataya.

269 Ngayon, Makalangit na Ama, natatalos Mo ang puso ko. At ako'y—ako'y—ako'y di naparito, para magtanghal-tanghal lang ng palabas ukol sa Iyo, Panginoon. Kung tutuusin ay di Mo naman po kailangang gawin ito. Kung di Mo nais gawin, Ama, na haya't wala sa Iyong Makalangit na kalooban, ay ihinto na lamang ito, sa kanila. Nararamdaman po namin na narito ang Espiritu Santo at pinagpapala kami.

270 Pero yamang nangusap ako sa paksang 'yun, "Ako'y Diyos, at hindi nagbabago." Mangyari nga na lumakad Ka noon dito sa anyong tao, sa lupa, Immanuel, isang munting babae ang humipo sa damit Mo po isang araw, at ang babae'y may ganoon na lamang na pananampalataya na naramdaman ito ni Jesus. At ang sabi ng Iyong Salita, Ama, na, ngayong gabi, na si Jesus, na Iyong Anak, ay ang aming Dakilang Saserdote, at mapasa hanggang ngayon ay maaari naming mahipo Siya na mahahabag sa aming kahinaan.

271 Mayroong mga narito na may sakit. Dalangin ko, Ama, na Iyong pahihintulutan sila, kahit isa o dalawa, o kung ilan dito, Panginoon, para ang mga tao'y magkaroon ng isang bagay na mapanghahawakan nila, tulad ni Jacob, at mapagkilala na ito'y ang Espiritu Santo, at hinding-hindi 'yun bibitiwan hanggang sa sila'y mapagpala. Nawa, kung Iyo pong gagawin 'yan, Panginoon, bawat taong may sakit dito ay manghahawakan sa siya ring parehong pangako, at mananatili roon hanggang sa masigurado nila na sa kanilang puso ang pagpapala ng Diyos ay nakalagak na sa kanila.

272 Ngayon, itinatagubilin ko ang mga tagapakinig na narito sa Iyo, ang Mensahe at ang sarili ko, para sa Iyong mga gawain. Ito'y lampas sa kaya kong gawin, o kaninuman na magagawa, mula sa oras na ito, Panginoon. Kinakailangan na Ikaw po, kaya patunayan Mo ang Iyong Sarili na narito, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, ang di-nagbabagong Diyos. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, akin itong hinihingi. Amen.

273 Di ko po nararamdaman ang Kanyang Espiritu, kita n'yo, sa ganoong paraan. Ito po'y kaloob. Hindi ibig sabihin na Ito'y iba sa Espiritu Santo na matatanggap ng isang munting bata. Ito lamang ay kaloob na kaakibat nung Espiritu Santo, upang patotohanang buhay ang Salita. Ngayon, ito, di n'yo. . .Kung Kanya ngang gagawin ito, di n'yo kailangang mabahala. Ito'y— Ito'y ang Salita na nahayag. Ito'y ang Salita na nahayag.

274 Ngayon, nais kong bawat isa sa inyo na bulayin n'yo ito sa inyong puso. Sadyang—sadyang bulayin lang n'yo. Di n'yo kailangang manalangin nang malakas. Manalangin lang kayo sa sarili n'yo. "Panginoon, nakatitiyak po ako na walang ano man na nalalaman si Kapatid na Branham patungkol sa akin. Hindi niya nalalaman ang sakit ko. Wala siyang nalalaman tungkol sa akin. At di ko akmang hihipuin ang ministro na ito. Pero hayan nga na sinabi niya sa amin nang malinaw na Ikaw ay isang Dakilang Saserdote, at nabasa ko po ito. At akin—akin pong hinihiling sa Iyo, na siya'y pahintulutan lamang na mangusap sa akin, gaya ni Jesus noong mangusap sa babae sa may. . .na humipo sa Iyong damit. At sadyang. . . "

275 O, kung ika'y walang sakit, sabihin, "Panginoong Jesus, ibunsod. . .Ako po'y laging may pag-aalinlangan noon tungkol

dito, sa anumang bagay na sobrenatural. Pero nais ko lamang ng isang bagay na mahahawakan ko ng aking kamay. Kaya siya po'y ibunsod mo na makapangusap kay *Ganito-at-ganoon* dito. Ipinapanalangin ko ang lalaki o babae. Ibunsod—ibunsod nawa siya na makapangusap nang ganoon. Ako po'y sasampalataya." Papawiin nun ang lahat mula sa inyo. Magiging isang bagay 'yun na mahahawakan mo ng iyong mga kamay, na katulad ni Jacob noon, at nagsabi, "Ito nga ito." Nahawakan niya noon ang Diyos, nang isang beses, at nasabi, "Heto ako. Akin ngang nahahawakan ito."

276 Maibubunsod ba nito na lahat kayo'y magsisampalataya? Kung kayo nga, itaas n'yo lang ang inyong kamay. Sabihin, "Sadyang—sadyang magbunsod sana Ito ng pananampalataya sa akin," sa lahat ng mga nasa buong palibot, "kung makikita ko na ito'y magawa." Pagpalain kayo ng Diyos.

Di ko sinasabi na gagawin Niya. Umaasa ako na gagawin Niya.

277 Isang beses, pababa noon ng bundok, sabi Niya, "Lahat ng bagay ay ipangyayari, kung makasampalataya ka lamang," sa tatay ng isang batang lalaki na sinusumpong ng epilepsiya. Kung magagawa lang nating manampalataya! Kayo riyan na may sakit at nangangailangan, manampalataya. Kayo lamang ay manampalataya nang buong puso n'yo. "Kung ikaw ay makasasampalataya, lahat ng mga bagay ay ipangyayari."

"Ano po 'yung sinasabi mo na hinihintay mo, Kapatid na Branham?"

278 Lahat po rito, walang pasubali, maraming beses na akong nakabisita ng Phoenix, nakita ko Ito, habang nangangaral ng isang mensaheng gaya nito. Haya't, isa Itong Liwanag. May kuhang-litrato nga sila Nito. Sinuman, halos lahat kayo, nakita na 'yung Liwanag na 'yun. Hindi po ba? Naroon Ito sa inyong mga litrato't mga bagay-bagay. Sa, naroon Ito sa Washington, DC haya't nakunan nila Ito uli, nung isang araw. Kita n'yo? Yun nga ang nagpapatunay sa Sarili Nito, ang Haliging Apoy na nanguna noon sa mga anak ni Israel sa ilang.

279 Ang Haliging Apoy na 'yun ay nagsalaman at nanahan sa kalagitnaan natin. Sinabi ni Jesus, "Nagbuhat Ako sa Diyos, at babalik Ako sa Diyos." Pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli Siya'y umakyat sa Kaitaasan.

280 At nung umakyat na Siya, kinatagpo Niya si Pablo sa daan patungong Damasco, at Siya'y nanumbalik na sa pagiging Liwanag uli. Nakikita Iyon ni Pablo. Ang iba pa sa kanila'y di Iyon nakikita. Binulag pa nga siya Nun. Nabulag si Pablo. At ang sabi niya nung makita niya ang Liwanag na 'yun dun, na nagliliwanag na parang araw. Sabi niya, "Panginoon, Sino Ka?"

281 Sabi Niya, "Ako si Jesus. At mahirap sa'yo ang sumikad sa matulis."

282 Ngayon, ang siya ring Liwanag na ’yun, ang litrato Nun, kung ’yun ang Liwanag, kung ’yun ang siya ring Haliging Apoy na ’yun, ang siya ring Jesus na naroon sa daan noon papuntang Damasco, si Pablo, gagawin Nito ang siya ring mga gawa. Marapat lamang na gagawin Nito.

283 Heto na Siya. Purihin ang Panginoon. Salamat po sa Iyo, Panginoong Jesus. Ngayon sige’t may masasabi man si Satanas na kung anong bagay!

284 Itong munting binibini na nakaupo rito na naka-asul na damit, na may suliranin sa sinus, na nananalangin, ikaw nga’y manampalataya nang buong puso mo at lilisan ito sa iyo. Ikaw ba’y makasasampalataya? Sige kung ganun, matatanggap mo. Di ko pa nakikita ang babae, di ko pa siya nakikita nang buong buhay ko. Ang mga bagay na ’yun ay totoo, hindi ba, binibini? Kung totoo, itaas mo ang kamay mo, iwagayway mo. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Totoo po.”—Pat.] Ipinapanalangin mo ang tungkol dun, “Panginoon, ibunsod . . . ” Manampalataya.

285 Hetong nakaupo ang isang kalugud-lugod na munting binibini, nakaupo sa may banda rito, na may suot na munting balabal na balahibo o kung ano. Hayun ang Liwanag na ’yun. Nakikita n’yo ba ’yun na nakapailanlang sa ibabaw ng babaing ’yun doon? Ang babae po’y nasa malubhang kalagayan. Hindi ko siya kakilala, di ko pa siya nakikita sa buong buhay ko.

286 Kung tayo’y di magkakilala, itaas mo ang iyong kamay. Pero, pakinggan mo. Hindi ba’t totoo ito, may isang tunay na kakatwang pakiramdam sa palibot mo, tunay na matimyas, na mapagpakumbabang pakiramdam? Yun ang Liwanag na ’yun. Akin nga Itong pinagmamasdan. Heto. May tumor ka. Hindi lang isang tumor, kundi mga tumor. Kalat ito sa iyo. Siyanga. Hindi ba? Sumasampalataya ka ba? Pagagalingin ka ng Diyos at paiigihin ang lagay mo. Manampalataya.

Sumasampalataya ka ba?

287 Heto, isang munting binibini ang nagtaas ng kamay niya, dito sa banda *rito*, nakaupo sa likod ng batang ito, na nakaupo sa isang silyang de gulong. Hindi ko kilala ang binibini. Hindi ko pa siya nakikita kahit kailan. Kami’y di magkakilala. Hindi ba, binibini? Pero sakit sa puso ang ipinapanalangin mo, na pagalingin ka ng Diyos. Kung tama ’yun, iwagayway mo ang kamay mo nang *paganito*. Pinagaling ka na ni Jesus. Umuwi ka at magaling ka na.

288 Sumasampalataya na ba kayo ngayon nang buong puso n’yo? “Kung kayo nga’y makasasampalataya, lahat ng bagay ay ipangyayari.” Manampalataya. Huwag n’yo itong pag-alinlanganan. Sadyang manampalataya lamang nang buong . . .

289 Hetong nakaupo ang isang babae sa banda *rito*, nakaupo, dalawang babae ang agwat mula kay Gng. Sharrit. Nakaupo siya riyan, na nananalangin. May artritis siya. Sampalatayanan mo

ito, binibini. Sinasampalatayanan mo ba? Sige. Tanggapin mo ito.

290 "Magliliwanag sa panahon ng gabi." Sinabi na mismo ng Biblia na magkakaganoon nga. Ang Diyos na di-nagbabago!

291 Sabihin n'yo sa akin kung Sino ang hinipo nila. Si Jesus Cristo na siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ako, nang may pagpipitagan, na ang dalawang kamay ay nakataas, hindi ko pa nakikita ang mga taong ito noon, wala akong nalalaman na anuman tungkol sa kanila. Pero Siya Na narito ngayon, hindi n'yo maitatago ang inyong buhay kahit na subukan n'yo. Siyanga. Narito Siya. Siya si Cristo. Totoo po Ito. Ito'y Kanyang pangako, ang siya ring Diyos. Magagawa n'yo bang panghawakan na ito? Panghawakan n'yo mismo ito at sabihin, "Ito'y akin. Ngayon sumasampalataya ako."

292 Makalangit na Ama, itinatagubilin ko ang mga narito sa Iyo, ang mga taong ito na may sakit. Nangangailangan po sila. Gaya ng sinipi namin kagabi, mayroon noong isang munting pastol isang beses, na ang pangalan ay David. Binigyan siya ng tungkulin, na alagaan ang mga tupa ng kanyang tatay. Heto po na marami sa mga pastol ang nakaupo rito sa gabing ito, rin, Panginoon. At mangyari nga na si David ay walang masyadong mga gamit para protektahan ang kanyang sarili, at protektahan ang mga tupa, anupa't isang tirador lang. Ngunit sapat na 'yun. Isang araw may dumating na leon at inagaw ang isa sa kanyang mga tupa, itinakas 'yun. Talastas ni David na ang Diyos ng Langit ay kasama niya, at kaya kinuha niya itong tirador at nagtungo para iligtas ang tupa. At pinaslang niya ang leon, napatumba niya gamit ang tirador, at dinala pabalik ang tupa na buhay.

293 Ama, ang karamdaman, ang diyablo, higit nga sa leon, na umagaw sa marami sa Iyong mga tupa. May munting tirador ako rito; ang tawag ay panalangin at pananampalataya. Ito po'y di ganoong kagarbo kung titingnan, kung itatabi sa mga sandata ng siyensiyang medikal. Pero, Diyos, Iyo pong gabayan ang panalangin na ito na tumama sa dakong 'yun.

294 Satanas, pakawalan mo sila. Ako'y sumasadya para bawiin ang mga tupa na ito. Pakawalan mo sila. Dadalhin ko sila pabalik sa pastulan ng Ama uli sa gabing ito.

295 Sa Pangalan ni Jesus Cristo, sinasaway ko ang bawat diyablo ng karamdaman, pinalalayas ang mga ito mula sa mga taong narito. At nawa ang mga tao'y humayo, na malaya, mula sa oras na ito, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo.

296 Lahat ng nananampalataya na gagaling kayo, tumayo kayo, at sabihin, "Akin na ngayong tinatanggap ang aking kagalingan. Inilalagay ko ang aking mga kamay Rito, kay Cristo, at sinasampalatayanan ko ito nang buong puso ko."

Ang inyo pong pastor.

62-0120 Ang Di-Nagbabagong Diyos Na Kumikilos Sa Isang Di-Inaasahang Pamamaraan

Westwood Assembly Of God

Phoenix, Arizona U.S.A.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org